ating marital status, ang pangalan natin, ang iba’t ibang mga bagay, alam ng kapitbahay natin kung sino ang asawa natin, ano ang pangalan, at iba’t iba pang mga impormasyon po na nakapaloob dito. So, ang sinasabi ho natin, walang takot at walang dapat ipangamba dahil sinasabi po natin kanina, balikan ko po iyong sinabi ko sa inyo, totoo, walang absolute o walang complete na makakapagsabi pero iyon din ho ang dahilan kung bakit kami gumawa ng safeguards para matiyak na hindi ho maha-hack at hindi mangyayari ang mga nangyari in the past.

REP. ZARATE. Salamat, Mr. Speaker, Mme. Sponsor. Madali hong sabihin iyan na kung wala ka namang dapat itago ay hindi ka dapat matakot. Pero alam ho natin nitong mga nakaraan, iyong mga nakarehistro po sa COMELEC, wala naman silang ikinatakot doon pero ano ho ang nangyari sa kanilang data? It was uploaded even in the dark web. Hindi lang doon sa clear web, sa dark web. Alam ho natin sa dark web, lahat ay puwedeng mangyari diyan. Puwedeng gamitin iyong mga nag-leak na data sa mga masamang paraan.

Kaya, iyon po ang pinupunto natin dito. Walang masama po. Tama po kayo, walang ikatakot. Pero ang ikinatakot po natin dito, once you centralize all these data in one repository, the demographics of one person, the biometrics of one person, all of these 100 million Filipinos, the security risk is there. Kayo na rin po ang nagsabi, hindi nga ho absoluto iyan. The security risk is there.

Kayo na rin po ang nagsabi, hindi nga ho absolute iyan, the security risk is there that it can be hacked, it can be tampered with and it can be used by people whose objectives siguro are not as good as the objective of the good Sponsor, Mr. Speaker.

Kaya, iyon po ang pinupunto natin dito, sa inyo hong panukalang batas na ito, talaga hong nakababahala. By the way, matanong ko po ang ating kagalang-galang na Sponsor, nagkaroon na ho ba kayo ng experience na ang inyong e-mail ay na-hack?

REP. ARAGONES. Hindi pa po, Mr. Speaker.

REP. ZARATE. Okay.

Ako po ay ilang beses nang na-hack ang aking e-mail. Kaya kailangan, pag na-hack po ang inyong e-mail, para po sa kaalaman ng ating Sponsor, ang pinakamadali pong gawin ninyo diyan ay palitan ang inyong password. Na-experience ko po ito, biglang nakatanggap ang mga nasa e-mail list ko ng isang letter na nagmumula raw sa UK, at ako raw ay nasa United Kingdom where I was mugged. Nakuha raw lahat ang aking mga pitaka pati ang aking passport. Kailangang magpadala sa akin ng pera ang aking mga kaibigan. But, na-hack lang ang e-mail ko. Mabuti na lang at hindi nakapagpadala ng pera iyong aking mga kaibigan.

So, what I did, I changed my password and nagkaroon ako ulit ng access doon sa aking e-mail. But that is an e-mail being hacked.

The problem with this, Mme. Sponsor, Mr. Speaker, unlike a password, puwede ninyo hong palitan. But, if your biometrics, if your demographics stored in this one centralized database are compromised, that is the ultimate privacy breach and permanente na ho, iyon ang epekto niya. You can no longer change your password. Hindi mo na ho puwedeng palitan iyong breach na iyon, Mme. Sponsor, Mr. Speaker. Sabi nga ng isang expert, you cannot change your fingerprints. Once they are stored there, your iris scan, once they are stored there in that centralized database and they are hacked and they are breached, that is permanent.

So, ang tanong ko po, Mme. Sponsor, Mr. Speaker, what price are we going to pay for that?

REP. ARAGONES. Mr. Speaker.

REP. ZARATE. Let me finish my question, Mme. Sponsor, Mr. Speaker.

REP. ARAGONES. Sorry po.

REP. ZARATE. What price are we going to pay for that not absolute eventuality, na hindi magkaroon ng breach of our 100 million Filipinos if their biometrics, their demographic data will be compromised, Mme. Sponsor, Mr. Speaker?

REP. ARAGONES. Opo.

Mr. Speaker, ang karanasan ho ninyong iyan sa, una, iyong ikinuwento ninyo tungkol sa e-mail, na-hack, ang karanasan ninyo hong iyan ang dahilan. Naranasan din ho ito ng hindi lamang ninyo, kundi ng maraming Pilipino. Maaaring marami rin dito ho sa House. Ang sinasabi ko, ang karanasang ito ang dahilan kung bakit kami nagkaroon ng safeguard sa panukalang batas na ito. Kung bakit ang DICT, sinasabi natin na dapat kayong in-charge sa technical security measures ng lahat ng impormasyon na nandito. Kaya ho mayroon tayong National Privacy Commission na tututok dito, at mayroon ho siyempreng penalty kapag lumabas ho, na-disclose ang mga impormasyon tungkol dito ay magkakaroon po ng penalty sa kanila. Pero, para higit hong palawigin ang sagot sa inyong katanungan, dahil siya ho ang talagang nagpaka-expert pagdating sa biometrics, Mr. Speaker, may I yield the floor to Hon. Arnolfo “Arnie” A. Teves Jr.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Abu). The Honorable Teves is recognized to sponsor the said Bill and to engage the interpellator.

REP. TEVES. Thank you, Mr. Speaker.

Pagdating sa biometrics, matanong ko ang aking kagalang-galang na colleague, nag-enroll ho ba kayo sa biometrics ng COMELEC?

REP. ZARATE. Mr. Speaker, Mr. Sponsor, I think I am the one interpellating here and the presumption is—but, if I will answer his interpellation on my interpellation, yes, kasama ho tayo doon sa nagbigay ng biometrics sa COMELEC, Mr. Sponsor, Mr. Speaker.

REP. TEVES. Yes. I floated that question, Mr. Speaker, to answer his interpellation na hindi naman tayo nagkuwestyon sa pag-enroll natin sa COMELEC. Ang safety nito, ganoon din, hindi ba? Na-breach man siya dati, isang beses, pero ibig kong sabihin, ang ibinigay natin na biometric data sa COMELEC, ito rin iyong biometric data, kasama iyon sa gagamitin dito sa FilID.

REP. ZARATE. Salamat.

REP. TEVES. So, ibig kong sabihin, if we were confident enough to enroll ourselves in the COMELEC data or biometric database, there is no reason to be afraid of enrolling ourselves in this Philippine ID Biometric Database.

REP. ZARATE. Maraming salamat, Mr. Speaker, G. Isponsor.

In fact, that is even a bigger reason bakit hindi na natin payagan ito dahil ang nangyari ho sa COMELEC ay isang pagpapatunay na kahit na mayroon pang mga security protocols na ginamit ng COMELEC, it was breached, and it was uploaded doon ho sa dark web. And who knows, saan na ginamit itong mga biometric data na ito sa dark web. Hindi ho tama iyong inyong kongklusyon na dahil, anyway, kahit na-breach iyon, the same data naman, biometrics naman ang ating gagamitin dito sa FilID System. The more reason that we are wary, the more reason that we will be worried if these things will happen.

This time, Mr. Sponsor, Mr. Speaker, hindi na lang ho biometrics ang ise-centralize dito sa isang database under the PSA. Sensitive, personal information will also be included—iris scan, Mr. Sponsor, Mr. Speaker. Kaya po talagang nakababahala at nakakatakot, in fact, itong panukalang batas na ito, Mr. Sponsor, Mr. Speaker.

REP. TEVES. Mr. Speaker, ang hindi ko maintindihan, ang aking kasamang Congressman na nag-i-interpellate, nababahala para sa taumbayan sa biometric data, pero siya mismo, nag-enroll sa biometric data ng COMELEC.

REP. ZARATE. Iyon nga po eh.

REP. TEVES. So, again, I do not see the logic of being afraid of something for the people, and you yourself enrolling in such a system.

REP. ZARATE. Hindi ho—salamat, Mr. Sponsor, Mr. Speaker, pero wala hong koneksiyon iyon. That is precisely why I am airing this concern. Dahil noong ni-require ho tayo ng biometrics, totoo at tayo ay nagbigay ng ating biometrics, pero nagkaroon ito ng iskandalo. Kaya nga ngayon ho ay tumatayo ang Representasyong ito para i-raise itong concerns na ito dahil dito nga sa ating panukalang batas, hindi na lang biometrics, if I want to emphasize this to the Sponsor now answering my interpellation. Dito ho sa panukalang batas na ito, maraming idinadagdag at taun-taon, magdadagdag nang magdadagdag ng information dito sa FilID System. In fact, this is, to my mind, a surveillance-for-life dahil habang hindi ka pa namamatay at hindi nai-retire ang iyong numero, lahat na impormasyon tungkol sa iyo ay kailangang ilagay mo diyan. At everyday, if this becomes a law until maging six feet below the ground ka, that risk that this information will be breached is there. Totoong-totoo po ang mga pangambang ito, Mr. Speaker, Mr. Sponsor.

REP. TEVES. If I may add, Mr. Speaker, sa tingin ko walang impormasyon dito na hindi existent sa record ng isang tao sa iba-iba niyang ID kahit sa medical record niya. And I do not think a medical record of any individual is safer than any of the records here uploaded in the system.

REP. ZARATE. Maraming salamat, Mr. Sponsor, Mr. Speaker.

Ang medical record ho, hindi basta-basta dini-disclose iyan at hindi ho sine-centralize iyan sa isang kulumpon ng mga impormasyon. Iyong medical record na iyan ay nasa iyong personal doktor o nasa ospital. At dito po, kaya nga nakababahala ito, lahat ng medical record mo, pati iyong, ano pa ba ang nakalagay rito, sa Section 7. Maliban doon sa on the face of the card, biometrics, blood type, marital status, height, weight, distinguishing features, temporary mailing address, e-mail address, father's full name, et cetera—napakarami po. At every time na may pangangailangan depending sa determina ng PSA ay ina-update ito.

Ang gusto ko lang pong sabihin at para maintindihan ng ating kagalang-galang na I sponsor, Mr. Speaker, ang pinangangambahan po natin ditong malaki ay dahil sentralisado ang lahat na ng impormasyon na ito in one database, one breach of that database, and the effect and consequence is permanent. Kaya ho inihalintulad ko ito kanina sa e-mail. Kapag nagkamali ho kayo at nakalimutan ninyo ang inyong password or na-hack ang inyong e-mail, madali lang. You change your

password or you can create another e-mail. But once this database as proposed in this law, once centralized na ang database at nasa PSA, the consequence and the effect is permanent. You cannot change anymore. Hindi mo naman puwedeng palitan ang iyong fingerprints, at hindi mo naman puwedeng palitan ang iyong iris scan. At kapag nakuha na iyan ng kung sinumang may masamang intensyon, it is out of control. Wala na sa kontrol ng PSA iyan, wala sa kontrol ng DICT, wala na sa kontrol ng Estado at kapag nailagay ito sa may mga masasamang balak, gaya noong mga nakaraang panahon ay napakadelikado po nito, Mr. Sponsor, Mr. Speaker.

REP. TEVES. Mr. Speaker, kanina sinabi na hindi naka-centralize iyong data, at iyong health data ng isang tao. Sa totoo lang, halos lahat ng doktor ngayon ay gumagamit na ng computer, and I am pretty sure most of the health data of the clients of that doctor are centralized in his computer which is nonetheless also has the danger of being hacked, Mr. Speaker.

REP. ZARATE. That is precisely the point. If that can be hacked, that data that is now under the control of my doctor, centralized sa aking doktor, kapag na-hack iyong kanyang computer, ang na-hack lang ay ang aking medical records, Mr. Sponsor, Mr. Speaker. But once the database of FilSys is hacked, iyong PSA, o database ng PSA is hacked, hindi lang ang aking medical records ang na-compromise, even my biometrics and even my sensitive personal information are also compromised. So, iyon iyong punto doon. It is good that the good Sponsor admitted na lahat ngayon ay naka-centralize at puwedeng ma-hack kahit sa doktor ko pa iyan, kahit sa aking abogado iyan or kahit kanino. All the more reason that we have to be wary and worried kapag naging centralized na iyan, Mr. Sponsor, Mr. Speaker.

REP. TEVES. Isa pa, Mr. Speaker, sa totoo lang, halos lahat ng data dito kahit ilatag mo pa sa publiko ay wala namang masama. Ang ibig kong sabihin, usual dito na public record ang personal record, pangalan, and even your biometric data is already public record. Nagpapa-biometric nga tayo sa COMELEC, I mean sa NBI, para kung may krimen na nangyari ay madaling, kung sa Bisaya, masubay o ma-trace ang fingerprint.

Again, I do not think there is anything sensitive enough na kailangan talagang itago. But nevertheless, itinatago pa rin natin at binibigyan pa rin natin ng privacy. But again, I think the fear being mentioned here to me sounds more like paranoia than regular fear. Because kung ginawa natin siya sa ating doktor, walang rason kung bakit hindi natin magawa para sa ating gobyerno. Ganoon din natatakot tayo na ma-breach iyong data natin. Pero iyong nagsasabi mismo na natatakot siya ay sana hindi na sila nag-enroll

sa COMELEC, kung natatakot sila na ibigay iyong biometric data nila sa ating gobyerno, Mr. Speaker.

REP. ZARATE. Salamat sa napakalayong sagot ninyo at pagkakaintindi ho sa ating binabaybay dito, Mr. Speaker, Mr. Sponsor. Iniiwasan ninyo ho iyong isyu ng nako-compromise iyong data. And be that as it may, Mr. Speaker, Mr. Sponsor, hindi ho ito paranoia. Tunay hong pangyayari ang mga pinag-uusapan natin. Hindi ho ito gawa-gawa o kathang-isip. Nangyayari ho ito. Even as we speak, thousands of data are being hacked by hackers all over the world. At kahit na iyong pinaka-advanced na security protocols ng mga abanteng bansa, abanteng korporasyon at abanteng mga asosasyon ay talagang vulnerable sa atake.

Kung maaalala ninyo, Mr. Speaker, Mr. Sponsor, ang eleksyon ng Estados Unidos ay napakalaking isyu nitong mga nakaraan because of the alleged hacking by hackers that influenced the conduct of the election sa United States. Kaya huwag ninyo hong maliitin at i-dismiss ito na paranoia ngunit makatotohanan po ang ating pinag-uusapan dito, dahil sa sinabi ko na kanina, this involves the data, information of hundreds of millions of Filipinos. And once these data are breached, the effect is permanent. Hindi ninyo ho puwedeng sabihing palitan natin ang password o palitan natin ang aking fingerprints kasi iyong fingerprints ko sa aking biometrics ay nanakaw na ng isang hacker. Hindi ninyo ho pupuwedeng sabihin na ganyan. But be that as it may, I may now go to another point, Mr. Speaker, Mr. Sponsor.

The Sponsor earlier said that all these data, the biometrics, the demographics and all the other data, and sensitive personal information ay ilalagak sa isang centralized database. For the record po uli, sino po ba ang mga mangangalaga nitong centralized database na ito, Mr. Speaker, Mr. Sponsor?

REP. TEVES. It will be the PSA.

REP. ZARATE. The PSA, the Philippine Statistics Authority, tama po ba?

REP. TEVES. Yes, yes.

REP. ZARATE. Tama po. Kaya nga itong usapin ng National ID System kahit na si NEDA Sec. Ernesto M. Pernia, sinabi niya na ang National ID System will be harmonized with centralized Civil Registry System. At sa pagkakaalam po ba ng Sponsor, under sa PSA, sino po ang ahensya or korporasyon na nangangalaga at nangangasiwa ng ating Civil Registry System, Mr. Speaker, Mr. Sponsor?

REP. TEVES. The DICT is in-charge of the technical. Sa totoo lang, ganito iyan. Iba't ibang ahensya

ng ating gobyerno ang may hawak ng biometric data natin: COMELEC, NBI, and SSS—all these. I think even the GSIS has biometric data. Ang gagawin natin dito, we will collate the biometric data so that it will be accessible to any office. Ang ibig kong sabihin, kung pumunta ka sa isang ahensya ng gobyerno, nandoon na lahat ng biometric data mo dahil kinoleyt natin lahat ang biometric data. And PSA was designated as the lead agency to hold, I mean, to take care of the collated biometric data.

REP. ZARATE. Salamat, Mr. Speaker, Mr. Sponsor. Rightfully, dahil in Section 5 of this proposed law, there is a provision to integrate or the integration of all databases.

Sabi nga rito sa Section 5, “The existing related identification systems and databases of the government shall be integrated into the FilSys.” So, ii-integrate lahat, mag-migrate lahat. At lahat ang repository na ay ang PSA.

REP. TEVES. Yes.

REP. ZARATE. Tama po iyon, Mr. Sponsor, Mr. Speaker.

Now, kaya ko ho naitanong kung ito ay nasa PSA na ay sino ang pangunahin, within the PSA, ang pangunahing may hawak ng mga datos na ito? Anong ahensya, anong departamento or korporasyon ba or entity, Mr. Sponsor, Mr. Speaker?

REP. TEVES. I do not get your question. The PSA is the one responsible.

REP. ZARATE. Okay. Just for the enlightenment of the Sponsor, Mr. Speaker, currently ang ating hong Civil Registry System is being handled by a US-based company. For the information of the Sponsor, ito ang Unisys Corporation. Is the Sponsor aware of this, Mr. Sponsor, Mr. Speaker?

REP. TEVES. Anong kumpanya ang tinutukoy ninyo? Alam ko, alam ninyo eh.

REP. ZARATE. Unisys.

REP. TEVES. Unisys.

REP. ZARATE. Kaya nga itinatanong ko if you are familiar with this.

REP. TEVES. Yes.

REP. ZARATE. Thank you po. If you are familiar, then you are also aware that, dahil ang PSA ang mag-ha-handle nito, potentially, it will also be Unisys ang

magha-handle ho ng mga datos na ito na ise-centralize po natin sa PSA, Mr. Sponsor, Mr. Speaker.

REP. TEVES. Unisys will definitely handle the system, not the data.

REP. ZARATE. Thank you po. But if they have access to the system, definitely they have access to the data. Is that correct, Mr. Sponsor?

REP. TEVES. It does not necessarily follow.

REP. ZARATE. That is your opinion but I can contradict that dahil ikaw ang may hawak ng sistema at nagpatakbo nito. And for the information of the Sponsor, are you also aware that itong Unisys—there is a rolling contract between Unisys and the US government specifically sa kanilang mga defense contract with the American Air Force, its logistic operations, in its so many missions, for example, in Syria. Are you aware of that Mr. Sponsor, Mr. Speaker?

REP. TEVES. Can you repeat your question?

REP. ZARATE. Are you aware Mr. Sponsor na itong korporasyong Unisys ay mga kabahagi sa kanilang mga kliyente ay ang Estados Unidos? Ang bansang Estados Unidos, in particular, ang Defense Department and more particularly ang US Air Force sa kanilang logistics operations, sa mga operasyon nila sa mga iba't ibang bansa kagaya ng Syria—are you aware of that Mr. Sponsor?

REP. TEVES. I am not sure of what you are saying ...

REP. ZARATE. Thank you, Mr. Sponsor.

REP. TEVES. ... but again.

REP. ZARATE. If you are not aware, or if you are not sure. But, just for your information, just last February 2017, ang PSA or Philippine Statistics Authority entered into a contract with Unisys for the implementation of the Civil Registry System–Information Technology Project (Phase II) amounting to P1.4 billion. Despite the questionable implementation of the same project, iyong Phase I which was also handled by Unisys at mayroong hong red flags na ni-raise ang Commission on Audit dito. Are you aware of that Mr. Sponsor? Are you aware of this information that I have just...

REP. TEVES. About the red flags?

REP. ZARATE. I have not given you.

REP. TEVES. No.

REP. ZARATE. Okay. For the information of the Sponsor, kaya ko po inilalatag ito dahil ang sabi ninyo ay centralized na nga itong datos sa PSA.

Ang sabi po ng COA doon sa first phase ng Civil Registry System–Information Technology Project (Phase I), sabi niya rito:

In the contract covering 2000, year 2000 to 2012, it was stipulated that before expiry, Unisys shall transfer control and operation of the civil registry system to the PSA. But, Unisys deliberately failed to do so. Meanwhile, PSA did not even muster any initiators to take over the system and did not even impose penalties to Unisys.

Kaya nagka-red flag ho noong in-audit na ito ng COA.

Ang PSA, pinahahawakan ito sa isang dayuhang kumpanya at ang kabahagi ng kanilang kontrata ay dapat at the end of the program or the contract, ang control and operation of the Civil Registry System dapat na-turn-over na sa PSA, pero hindi ginawa ng PSA iyan. Again, in its 2004 audit, COA also observed that Unisys had not trained PSA personnel to operate the system. PSA had neither possession nor taken part in the monitoring of records and actual purchases and inventory of items to be turned over to COA, et cetera.

Marami pa hong findings ang COA. But despite all these red flags, pinirmahan pa rin ng PSA o ng Philippine Statistics Authority iyong Phase II ng CRSITP, worth P1.4 billion. So, ang tanong ko ho ngayon, bakit natin iimplementa itong National ID System o itong FilSys, papahawakan ho natin ito sa Philippine Statistics Authority dahil ito iyong panukalang batas dito na repository sila under the hands of a foreign corporation that has been found by COA to have questionably handled our country's Civil Registry System, Mr. Sponsor, Mr. Speaker.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Abu). Gentlemen, may I remind you of Section 91 of our House Rules on *Time Limit* says that no Member shall be allowed to speak for more than one hour in a debate.

So, you have only 10 minutes remaining.

REP. ZARATE. Thank you, Mr. Speaker.

Muli, uulitin ko iyong aking tanong, kung puwede na ring sagutin ng ating I sponsor.

REP. TEVES. Yes. Anyway, again, Unisys is only involved in the modernization of the system. Hindi naman sila kasali sa database itself.

Anyway, para ma-address iyong issue ng Unisys, puwede naman tayong gumawa ng amendment that the database should be managed by the PSA itself or by a Filipino-owned entity.

REP. ZARATE. Ah, napakaano po ng inyong panukala na para maiwasan lang ito, pero sa katunayan, lahat ho nitong mga nakaraan, lalung-lalo na doon sa usapin ng Public-Private Partnership, talagang ibinibigay ho ito sa mga malalaking pribadong kumpanya. At ngayon nga po, kaya ko ho ito ni-raise dahil despite these red flags, nilagdaan ho ng PSA, last February lang nitong taon na ito, ang P1.4 billion na Phase II ng programang ito. So, iyon po ang ating isang concern diyan. Ang ating data ng ating mamamayan, potentially, 100,000,000 Filipinos, ating i-centralize. Doon pa lang nakakabahala na iyon dahil i-centralize siya at kayo na rin ang nagsabi kanina that we cannot assure you absolutely, na hindi ito magkakaroon ng security breaches.

Pangalawang ikinababahalang ho natin ay iyong ipahahawak ho natin ito sa mga dayuhang kumpanya or may potential conflict of interest, doon sa mga datos na hawak ng PSA. But at any rate, dahil mayroon pa ring ibang mag-i-interpellate, Mr. Speaker, uulitin ko, itong aking mga pag-aagam-agam, mga pangamba na inilatag ngayon, at ito ay hindi bunga ng mga kathang-isip. Atin itong inilatag dahil nakita ho natin sa kasaysayan na rin ng ating bansa at ang karanasan ng iba pang mga bansa, ang mga ganitong panukalang batas ay talagang nagiging balakid siya at nagiging tool para ang karapatan ng ating mamamayan ay masupil, ang karapatan o ang right to privacy ng ating mamamayan, dahil dito pa ho lamang ay nakikita na natin na parang ang naturan ko nga po kanina, this is a life-long surveillance of the Filipinos. At ito hong mga ganitong panukala ay hindi ho para sa kagalingan ng ating mga kababayan at mamamayan.

Puwede hong sabihin ng Sponsors na mayroong mga safeguards dito. We can use the advanced inscription technology para maiwasan ho iyong mga breaches doon sa database. But ang ganitong mga centralized database, totoo, this cannot be easily or typically just easily be broken, pero there are a lot of ways to circumvent all the protocols at ito po ang ating pinangangambahan. The Sponsor may offer a lot of assurances, but the simple and undeniable fact is, once this large volume of data are centralized into one database, there is a heightened risk of security incidence and, consequently, if that risk security happened, this data may be lost, may be exposed or may be used in other means outside of the objectives set in this law.

So, sana po ay pag-iisipan at tingnang maigi ng ating mga Sponsors at ng ating mga kasamahan dito sa Kamara ang panukalang batas na ito, at ang Kinatawan pong ito ng BAYAN MUNA ay naninindigan na dapat hindi pahintulutan ang panukalang batas na ito.

Maraming salamat, Mr. Speaker, and distinguished Sponsors. Magandang hapon po sa ating lahat.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Abu). Maraming

salamat sa Kinatawan ng BAYAN MUNA, the Hon. Carlos Isagani Zarate.

The Floor Leader is recognized.

REP. ROA-PUNO. Mr. Speaker, I move that we recognize the Hon. Antonio L. Tinio from the Party-List ACT TEACHERS for his interpellation.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Abu). Akin pong nire-recognize ang ating Kinatawan mula sa ACT TEACHERS Party-List na si kagalang-galang Antonio Tinio, kung siya po ay pahihintulutan ng ating Sponsor na masagot ang mga katanungan niya.

REP. TEVES. By all means, Mr. Speaker.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Abu). Inyo na po ang plenaryong ito.

REP. TINIO. Maraming salamat, Mr. Speaker.

Mr. Speaker, para po malinaw sa lahat, puwede bang ipaliwanag ng Sponsor muli kung bakit sa tingin nila, kailangang magpasá tayo ng ganitong panukalang batas. Bakit kailangan ng sambayanang Pilipino ang tinatawag na “National ID System?”

REP. TEVES. Simple lang iyan. Ang dami nating pinanghahawakan na ID. Siguro ang aking colleague na nag-i-interpellate, sigurado ako mahigit dalawa ang ID na hawak niya. Ginawa natin itong isang ID lang para maging mas madali sa ating mga kababayan na makipagtransaksyon sa ating gobyerno at makakuha ng mga serbisyo na available sa ating gobyerno. That is to put it in very simple terms, Mr. Speaker.

REP. TINIO. So, iyon po ang pangunahing dahilan sa panukalang batas na ito, para maging madali, convenience bale, para maging madali sa bawat Pilipino ang mga transaksyon sa gobyerno. Iyon lang po ba. Iyon na po ba ang dahilan?

REP. TEVES. If you read the Bill, it is all there. But to put it in simple terms, because we are not here to read the Bill again, it is to make it easier for our countrymen to conduct business with government agencies.

REP. TINIO. Okay. So, iyon lang pala, Mr. Speaker.

REP. TEVES. Hindi iyon lang, Mr. Speaker, what I am saying, to put it in context, para mas mapadali, other benefits that may arise from this are, for example, identification during calamities, transacting with several government agencies, and making their records available when they need them even for themselves.

REP. TINIO. Ngayon po ba, hindi maaaring gawin iyan o mahirap gawin iyan para sa mga mamamayan?

REP. TEVES. Of course, when you do not have any ID, ...

REP. TINIO. Imposible ba na ma-access ang mga government services dahil walang isang national ID?

REP. TEVES. Hindi naman imposible, but try to conduct business with any government agency when you do not have an ID of that government agency. Try to make an SSS claim without an SSS ID, tingnan natin kung makaka-claim ka.

REP. TINIO. Sa palagay ko, lahat naman ng magke-claim ay may ID. Kung wala kang ID, hindi ka nga mabibigyan ng claim, hindi ba? Tapos kung nawala mo iyong ID, nasa records naman nila basically ang membership mo, which means you will still not be denied. Ang punto po, hindi imposible ngayon. In fact, nabubuhay tayo, tumatakbo ang mundo nang wala itong national ID. In other words, mahalagang tanong po ito, Mr. Speaker, ano ba ang biyaya o bentahe na dadalhin nito sa buhay ng ordinaryong Pilipino, at sa kabilang banda, itanong naman natin, ano ang mga peligro, ano ang mga disbentahe, ano ang mga mawawala sa bawat mamamayang Pilipino kapag ipinatupad ang ganitong sistema. Iyan po ang gusto nating mahimay sa interpellation na ito ngayon.

Parang ang sinasabi ng Sponsor, para lang daw mapadali ang transaksyon, sa halip na may dalawa kang ID o tatlo na dala o na hawak, ay isa na lang daw. Mukhang iyon na ang tinutungtungan ng panukalang ito. Pero iyon nga lang ba?

Ano po ang mangyayari, tanong ko lang, kung sakaling kunyari naipasá ang panukalang batas na ito at naipatupad nga ang sistema ng National ID System, mayroon nang tinatawag na FilSys at ang FilID Card. Lahat ng 18-year old, kailangang magrehistro diyan para maisyuhan ng ID card. Ganoon po ba ang panukalang ito? Ano ang mangyayari kung sakaling may kababayan tayo na hindi nakapagrehistro at wala siyang ID; ano po ang mangyayari sa kaniya?

REP. TEVES. Kung hindi siya nagrehistro, nasa kaniya na iyon, hindi ba? Wala namang penalty pero hindi siya makapagtransaksyon, just like kung hindi ka magparehistro sa COMELEC, hindi ka makakaboto. If I may add, Mr. Speaker, one very big advantage of this ID, kahit wala kang dala na ID, all you have to do is put your biometric data in that agency at automatic, recognized ka na.

REP. TINIO. Mr. Speaker, mahalagang tanong po ito kasi pinag-uusapan natin dito ID na kailangang

magbigay ka ng biometric, mayroong kumplikadong sistema ng registration dito na gusto ko ngang ipaliwanag mamaya ng Sponsor. Hindi lang po ito simpleng mag-fill up ka lang ng form at tapos na at kukunan ka ng picture. May biometrics ito, may kung anu-ano pa. Pero sa ngayon, Mr. Speaker, ang alam ko, milyun-milyong mga Pilipino ang wala ngang birth certificate. As of a few years ago, ang data na alam ko, 7.5 million ayon sa NSO or PSA ang walang birth certificate—7.5 million sa mga kababayan natin tapos almost one million of those, for example are in the ARMM. Almost 70 percent of the population in the ARMM, wala po silang birth certificate.

Pinag-uusapan lang natin dito, Mr. Speaker, ang birth certificate, so paano pa kaya kung national ID? In other words, napakarami, milyun-milyong mga kababayan po natin. Hindi simpleng usapin para sa kanila ang magparehistro para sa isang ID lalo na ang mga mahihirap, ang mga nakatira sa liblib na lugar. Kaya po very relevant ang tanong, anong mangyayari sa iyo kung wala kang ID? Sabi nga kanina ng ating Sponsor, eh di hindi ka makapagtransaksyon sa gobyerno kung wala kang ID na ito. Iyan na nga ang isang punto natin ngayon na dahil sa panukala nila na introduksiyon ng Filipino ID System, magkakaroon na kaagad ng diskriminasyon, Mr. Speaker, doon sa mga nakarehistro at may ID. Ang mga kapwa Pilipino natin na ipinanganak sa Pilipinas at napapailalim sa iisang Konstitusyon, ginagarantiyahan ng kaparehong karapatan katulad ng iba pang mga Pilipino, pero dahil wala silang ID, ayon sa ating Sponsor, aba, hindi sila puwedeng makapagtransaksyon sa gobyerno. Paano po iyon, Mr. Speaker?

REP. TEVES. Alam mo, Mr. Speaker, huwag sana nating paikutin ang ating taumbayan. Sa totoo lang, subukan ninyong sumakay ng eroplano na wala kayong ID, subukan ninyong bumoto na wala kayong ID, do you call that discrimination? Huwag na nating paikutin ang taumbayan, hindi naman diskriminasyon iyon. It is regulation and not discrimination.

REP. TINIO. Mr. Speaker, hindi natin pinag-uusapan dito ang walang ID, kasi ang pinag-uusapan natin dito, isang natatanging ID, ito ngang FilID. Sa eroplano, puwede kang magprisinta ng maraming klaseng ID at tatanggapin iyon sa eroplano, pero ang gusto pong mangyari ng ating kagalang-galang na Sponsor ay mayroon lang kaisa-isang ID, itong tinatawag nilang ID, at ito na lang ang kailangan mo para patunayan mo na ikaw ay Pilipino, at para patunayan na may karapatan ka na at obligasyon ng Estado at mga batas natin at mga institusyon na ibigay sa iyo.

Kayo po ang nagpapaikot. Huwag nating ipantay ang ipinapanukala ninyo na iisang national ID sa iba't iba pang mga ID, at iyan ang umiiral ngayon. Kung

wala akong government ID, puwede naman akong magbigay ng school ID at tatanggapin ito. Kung ako ay estudyante, tatanggapin ito ng airline, doon sa example ninyo. Pero iyon nga, iba ang sinasabi ninyo, iba ang panukala ninyo.

REP. TEVES. Mr. Speaker, kanina kasi, binanggit ang ID in relation to birth certificate. Matanong ko ang aking kasamahan dito sa Kongreso na nag-i-interpellate, puwede ka bang magkaroon ng school ID na wala kang birth certificate? I doubt, Mr. Speaker.

Again, kaya sinabi kong pinapaikot dahil nagsasabi tayo ng birth certificate in relation to an ID. Also, I do not see any reason you cannot get the FilID if you have already an existing ID, because all the data or a lot of the data in the FilID are already present in any of your current IDs. Ginawa lang nating simple at isa lang at dinagdagan pa natin ng biometric data para mas mapadali at para hindi mapeke. Kung ang itsura mo sa ID ay iba sa pangalang nakalagay, paglagay mo sa fingerprint mo at iba ang lumabas, huli ka na hindi ikaw iyon. We all know that the fingerprint is unique, hindi natin puwedeng ipeke.

REP. TINIO. Mr. Speaker, I think hindi pa rin malinaw na ina-address ng ating Sponsor ang isang concern ko. Sa ngayon, mayroong 7.5 million Filipinos na walang birth certificate. Paano pa kaya kung ipapatupad ang gusto nilang mangyari na kailangan lahat mayroong ID? Pati ang mga nakatira sa mga liblib na lugar na hindi nga ngayon naaabot ng mga government agencies kagaya ng DepEd. Nakapunta na ako sa mga baryo sa Mindanao, sa Lumad schools na wala ni anumang DepEd school doon. Ang tanging nakakaabot sa kanila na gobyerno, mga sundalo. Kahit ang barangay officials nila, hindi nakakaabot doon sa mga lugar na iyon. So, paano kaya magkakaroon ng Filipino ID ang mga ito, at anong mangyayari sa kanila kung wala silang ID? Paano na ang pagbibigay sa kanila ng mga karapatan nila?

Iyon po ang isang concern natin, that this Filipino ID System will create discrimination in terms of enjoyment of rights guaranteed to each and every citizen. So ngayon, malilikha na ang dalawang grupo: ang may ID at ang walang ID.

Pangalawang concern po natin ay ang concern din ng ating mga rebolusyonaryong bayani natin noon. Noong isang araw lang, August 28, ang National Heroes Day. Hindi ba ito originally ang commemoration ng Cry of Balintawak o Cry of Pugad Lawin? Ngayon, kung matatandaan natin, Mr. Speaker, distinguished Sponsor, ito ang insidente na naghudyat ng simula ng rebolusyon ng mga ninuno natin laban sa Espanya, ang pagpunit nila ng sedula.

Baka magtaka tayo ngayon kung bakit naman ang akto na naghudyat ng simula ng rebolusyon o pag-aalsa, armadong pag-aalsa kontra sa 300 taong mahigit na

pangongolonya at paghahari ng Espanya sa Pilipinas ay nagsimula sa pamamagitan ng pagpunit ng sedula? Mr. Speaker, alam po ba ninyo kung bakit ganoon, bakit sedula ang pinunit nila?

REP. TEVES. I do not think that has anything to do with this deliberation, Mr. Speaker.

REP. TINIO. Mr. Speaker, it has everything to do with this deliberation. Sige, ako na lang ang magpapaliwanag kung bakit. Ano ba ang sedula?

Mr. Speaker, ang sedula ang pinaka-equivalent noon ng National ID System ng mga Kastila. Ang sedula ang katibayan na nagbayad ka ng residence tax. Hanggang ngayon, iyan pa rin naman ang tawag natin, hindi po ba, na ikaw ay nakatira sa lugar na ito, nagbabayad pa ng residence tax o sedula sa Quezon City Hall kasi residente ka ng Quezon City. So, ang sedula ay residence tax.

Nire-require ito ng mga Kastila sa bawat Indio bilang patunay na kinikilala nila at nakapailalim sila sa kolonyal na gobyerno ng Espanya. Tapos, dahil noon, siyempre, hindi pa sila high-tech, hindi pa uso ang ID na may picture, kaya ang sedula ang nagsisilbing identification papers ng bawat Indio. Kaya galit na galit sina Bonifacio at ang mga ninuno natin doon dahil nagsilbi ito bilang tinatawag na internal passport. Ang mga ninuno natin noon hindi makapaglakbay mula sa isang baryo papunta sa kabila, mula sa isang bayan papunta sa kabilang bayan, isang probinsya mula sa kabilang probinsya, isang isla mula papunta sa isa pang isla. Hindi sila puwedeng maglakbay na walang dalang sedula, kasi kung nagbibyahe sila, haharangin sila ng guwardiya-sibil at ang unang tanong sa kanila, nasaan ang sedula ninyo. Kapag wala kang dalang sedula, may problema ka na, sa prisinto ka na magpaliwanag. Dadalhin o bibitbitin ka na ng guwardiya-sibil at ikukulong ka na.

Ito po ang dahilan kung bakit galit na galit sina Andres Bonifacio at ang mga Katipunero sa sedula. Ito ang dahilan kung bakit noong Agosto 1896 ay ang pinakasimbolo ng kanilang pag-aalsa kontra sa paghahari ng Espanya ay ang pagpunit ng sedula. Sabi ninyo, walang kinalaman. Malinaw po ang kinalaman. Dahil hindi po ba ganiyan na ang mangyayari sa inyong panukalang National ID System na kailangang bitbit mo ito sa bawat oras ng iyong buhay, dahil at any time, puwede kang hingan ng mga awtoridad ng national ID bilang patunay na ikaw nga ay Pilipino at may karapatan kang mabuhay at tumira sa sarili mong bayan, at kung wala kang maipakita, may problema ka na.

In other words, Mr. Speaker, ang problema natin dito ay ang mga tinalikuran, yinurakan at pinaghimagsik ng ating mga ninuno ay nais ibalik sa pamamagitan ng panukalang ito ng Filipino ID System.

Bakit naman po gusto nating—gustong maging mga bagong mananakop? Ang problema, hindi naman mga dayuhan, kung hindi mga kababayan pa natin ang nagpapanukala na magpanumbalik ng isang bagong sistema ng internal passport na tinatawag na Filipino ID System.

REP. TEVES. Mr. Speaker, again, huwag nating paikutin iyong taumbayan, hindi kailangang bitbit ang isang Philippine ID. Kaya nga nilagyan natin ng biometric component para kung wala, kung hindi mo bitbit iyong ID mo, you can make use of your biometric data.

REP. TINIO. Ano ba ang ibig sabihin ng ...

REP. TEVES. And I would like to point out, Mr. Speaker, kanina pa naririnig kong 100 million Filipinos. They make it sound like they speak for the 100 million Filipinos. I want to remind everybody, we are here in Congress as Representatives of our districts, our constituencies and the Party-List that we represent. Dito natin malalaman kung ang mayorya ng tao ay ayaw sa ID na ito kung hindi ito pumasá sa plenaryo. Kung pumasá ito sa plenaryo, ibig ko sabihin, dito natin makikita that majority of the Filipinos want it because we are here as the Representatives of the Filipino people. It may be true that there are some sectors who want to hide their identities and it is better off not to have their identities revealed and this is very true that there are some Filipinos that are against this Filipino ID. But again, I would like to remind everybody that we are here as Representatives of the people and not one of us is a Representative of the whole country. Thank you, Mr. Speaker.

REP. TINIO. Well, Mr. Speaker, frankly yet—sa tingin ko, irrelevant iyong mga statements ng ating Sponsor on whether or not, I or the Sponsor, or each individual Representative here can speak for the Filipino people. Ako, ang gusto ko lang kwestiyunin, Mr. Speaker, even though I am wasting my time here or because I should be interpellating, but I cannot let it pass. Hindi ho ibig sabihin na dahil ipinasá or kapag ipinasá ng Kapulungang ito ang anuman panukala ay ibig sabihin ay iyon na ang kagustuhan ng kanilang mga constituents o ng mayorya ng mga Pilipino sa bansa. Hindi po automatic iyon. Kaya nga napakaraming mga kaso na may ipinapasá ang Kongreso, na maging ang Senado na ayaw ng taumbayan kaya naman sa susunod na eleksyon, sa pinakamalapit na eleksyon, pinapatalsik iyong mga bumoto nang hindi alinsunod sa kagustuhan ng taumbayan. Malinaw na example diyan iyong kaso ng VAT, a few years ago. Hindi ba mayroong Senador, alam natin iyon, very well-known example na natanggal siya sa puwesto dahil sa kanyang posisyon na kontra sa kagustuhan ng taumbayan? Iyon lang po ang gusto

kong sabihin. So, huwag na po nating pagdebatihan kung sino ang puwedeng magsalita sa ngalan ng interes ng Pilipino. Lahat po tayo rito, ako, at maging ang ating Sponsor, iyon ang intensiyon. Ngayon po, kung puwede po, ipaliwanag sa atin ng Sponsor, paano po ba iyong proseso ng pag-a-apply sa ID? Paano po ako magkakaroon ng ID kung maipasá ang inyong batas? Ipaliwanag po natin sa ating mga kasama rito at sa publiko, ano po iyong mga hakbang na kailangang gawin at ano ang impormasyon na kailangan kong ibigay o isuko sa gobyerno para mabigyan ako ng ID?

REP. TEVES. I do not think I have to explain, Mr. Speaker. It is all in the Bill. I presumed nabasa na nila ito bago sila sumalang dito sa plenaryong ito.

At this juncture, Deputy Speaker Raneo “Ranie” E. Abu relinquished the Chair to Deputy Speaker Sharon S. Garin.

REP. TINIO. Nabasa ko po pero kailangan pong ipaliwanag ang proseso at sana po maging para sa interes po ng publiko at ng madla na walang hawak, na hindi hawak ang kopya ng Bill.

Ang sesyon po, lahat po ng sesyon natin ay open to the public, nasa Konstitusyon po iyan. At kaya po open to the public, para lahat ng pinag-uusapan nating panukalang batas ay bukas sa publiko. Kaya po, hinihiling ko lang po sa Sponsor, kung gusto ninyong ipagtanggol ang inyong panukalang batas, kailangang handa po kayong ipaliwanag hindi lang sa atin na naririto ngayon kung hindi sa publiko. So, sana po, kung itanong ko, kung puwede po bang ipaliwanag ang mga hakbang, for the benefit of the millions of Filipinos who do not have the privilege of holding a hard copy of this Bill. Sana po maging bukas naman ang ating Sponsor.

REP. TEVES. Mme. Speaker, simple lang, they just have to do it personally and go to government agencies like SSS and COMELEC, doon puwede, GSIS, puwede na silang mag-apply, or at the Civil Registry, puwede na silang mag-apply para sa FilID. Ganoon lang kasimple.

Sa totoo lang, ang eksplanasyon nito, kapag naging batas na ito, hindi na iyan mahirap ipaabot sa ating taumbayan dahil buong Pilipinas naman represented sa Kongresong ito. And, I am pretty sure, all the Representatives of this Congress will help in explaining the system to their constituencies.

Again, very simple, personally you go to any government, I mean, these agencies like SSS, GSIS, COMELEC and the Civil Registry of your locality, and you can apply for the FilID.

REP. TINIO. So, kailan po ako kailangang mag-apply o puwedeng mag-apply?

REP. TEVES. Again, I do not want to answer this because it is very redundant and nasa Bill na. But, when you are 18 years old, you have to apply for the FilID.

REP. TINIO. So, optional po ba, kapag 18 na ang isang indibidwal, optional po ba o mandatory ang pag-apply?

REP. TEVES. It is mandatory ...

REP. TINIO. Okay.

REP. TEVES. ... but if you do not, there is no penalty. But, again, you are penalizing yourself because you will not be able to transact with government agencies without the FilID.

REP. TINIO. Okay. So, malinaw po. Kanina, parang sinabi ng Sponsor, “Okay lang kung ayaw mo.” Pero sa aktwal, sa kanilang panukalang batas, compulsory, sa Section 9. *Compulsory Registration*, nire-require po ang lahat ng Pilipino.

At siya na rin ang nagsabi, Mme. Speaker, “Sige, puwedeng hindi ka mag-register pero you will be penalizing yourself.” Pinaparusahan mo raw ang sarili mo kung hindi ka mag-register dahil hindi ka na puwedeng makipagtransaksiyon sa anumang ahensya ng gobyerno kung wala kang ID. So, malinaw po na sinabi niya iyon.

So, pinapatunayan po iyong kanina ko pang sinasabi na kapag ipinasá ang batas na ito, magkakaroon na po ng diskriminasyon ngayon, hindi na po sapat iyong sinasabi ng Konstitusyon na kapagka ipinanganak ka dito, ikaw ay Pilipino at ginagarantiya ang lahat ng mga karapatan ng Pilipino. Kasama na doon ang karapatan mo sa mga benepisyo, proteksyon at serbisyo ng gobyerno. So, iyon po ang malinaw. Okay.

Ngayon po, anong impormasyon ang kailangan kong ibigay sa FilSys para mabigyan po ako ng ID? Anong information po?

REP. TEVES. A very basic information—your name, your—it is very basic information, ang dami. You can refer to page 9.

If you are really serious on letting the Filipino know, you can put it up on your website. Sa totoo lang, huwag na tayong magbolahan dito na kailangan, eh sabihin dito para malaman ng lahat. I mean, it is all here: sex, date of birth—very basic information.

REP. TINIO. Bakit ayaw sabihin ng Sponsor, Mme. Speaker?

REP. TEVES. It is not ayaw kong sabihin.

REP. TINIO. Ilagay ko raw sa website ko.

REP. TEVES. It is not that ayaw po sabihin.

REP. TINIO. Sila po ang may ipanukala, bakit ako maglalagay sa website ko?

REP. TEVES. No, it is not ...

REP. TINIO. Hindi ba tungkulin ng bawat Kinatawan dito na ipaalam sa kaniyang mga constituent kung ano iyong ipinapanukala ninyong batas. So, simpleng tanong po, anong impormasyon ...

REP. TEVES. Ang sinasabi ko Mr. ...

REP. TINIO. ... ang kailangang ibigay para mabigyan ng ID?

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Garin, S.). Please address the Chair before you speak.

REP. TINIO. Yes, Mme. Speaker, I am addressing the Chair.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Garin, S.). Thank you.

REP. TEVES. Ang sinasabi ko, Mme. Speaker, na hindi na sana nating kailangan itong sabihin ito dahil nakalagay naman sa Bill at alam kong nabasa na ito ng ating interpellator. Pinapahaba lang natin ang deliberasyon sa pagbabasa nito. But, it is here: common reference number, full name, ...

REP. TINIO. Hindi po ...

REP. TEVES. ... the name suffix, ...

REP. TINIO. Nandiyan pala, ...

REP. TEVES. ...sex, date of birth.

REP. TINIO. ... bakit ayaw sabihin o kung hindi naman, Mr. Speaker, ...

REP. TEVES. Again, I do not have to read it because I am sure you have seen it and it is redundant to be reading it again dahil sigurado akong nakikita ninyo ito. At, kung totoong gusto nating ipaalam sa taumbayan, madali nating ipaalam kahit hindi ko basahin dito.

Sana malinaw iyon, Mme. Speaker.

REP. TINIO. Mme. Speaker, let me read into the record para alam ng publiko kung ano talaga ang mga hinihinging impormasyon.

Actually, may tatlo po, kung puwede pong ipaliwanag ninyo sa akin bakit mayroon, sa Section

7, may tatlong grupo ng tatlong kulumpon ng impormasyon na hinihingi rito. Iyong isa, on the face of the card; pangalawa, in the smart chip; at, pangatlo, in the database.

Will it be too much to ask the Sponsor if I ask him to explain the differences in these three? Baka sabihin po niya nasa Bill na at basahin ko na lang.

REP. TEVES. Okay, I will explain, Mme. Speaker.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Garin, S.). Yes, please.

REP. TEVES. Sa totoo lang, it is common sense. You cannot put everything in the face of the card. Hindi mo na mababasa iyan kung inilagay mo ito lahat, i-print mo sa card, dahil napakahaba iyong impormasyon, kaya iyong iba nasa chip, iyong iba nasa database.

I hope that is a fair enough and common-sense explanation, Mme. Speaker.

REP. TINIO. Iyong database po? Ano po iyong database?

So, ipinaliwanag ng Sponsor—the Sponsor deigned to explain the difference between the information on the face of the card and the smart chip for which I am eternally grateful, because he explained to us the difference, but, if I may trouble him for a few moments more to explain, what about the database?

REP. TEVES. The database.

REP. TINIO. Ano po iyong database na iyan?

REP. TEVES. A database of the information.

I do not see why the distinguished interpellator does not understand what a database is. It is very simple, di ba? Doon nakalagay ang database of information. What is so difficult to understand?

REP. TINIO. Mayroon na po bang ganyang database ngayon, Mme. Speaker?

REP. TEVES. Mme. Speaker.

REP. TINIO. Sa gobyerno po, mayroon na po ba tayong single database managed ...

REP. TEVES. Kaya ...

REP. TINIO. ... and maintained by government containing all of the information enumerated in the Bill? Is there such a thing now?

REP. TEVES. Mme. Speaker, sana lang—kanina sinabi ko na, uulitin ko, mayroon tayong database spread

among different agencies of government. Sa tingin ko, kahit ang ating interpellator ay mayroong biometric database sa NBI at sa ating COMELEC. Kaya ginawa natin, pinag-iisa natin ito para accessible siya ng inter-government agencies. Meaning, imagine, pupunta ka sa isang ahensiya ng gobyerno, hihingian ka ng data, pupunta ka sa ibang ahensiya ng gobyerno at hihingian ka uli ng data, dapat serbisyo na ng gobyerno iyon na mayroon silang data ng taumbayan.

Again, we already have an existing database that is spread among different agencies of the government.

REP. TINIO. So, Mme. Speaker, let us be precise, wala po tayong existing database. Mayroon tayo, ayon sa paliwanag ng Sponsor, we have many different and discreet, ibig sabihin magkakahiwalay na mga database. Kaya ang bago po—kaya po pinapa-explain ko sa Sponsor kung ano iyong database na tinutukoy dito. Bago po ito. Wala pa pong ganyan ngayon. So, ang gustong mangyari ng Sponsor, magkaroon na lamang ng iisang database sa pangangalaga ng isang ahensiya. Tapos, mamaya, papasukin natin kung ano iyong mga lalamaning impormasyon nito.

Ngayon, sa palagay ko, sa tingin ng Sponsor, walang ipinagkaiba na mayroong database ang COMELEC, mayroong database ang NBI, mayroong database ang GSIS, mayroong database ang SSS, and so on and so forth na magkakahiwalay sila. Sa paliwanag niya, parang eh ano naman ngayon, pinagsama na lang natin sa isa. Pero sa palagay ko, Mme. Speaker, G. Isponsor, malaki ang pagkakaiba noon. Iyong COMELEC, kanina ninyo pa binabanggit, para makaboto ako, nasa batas, sabi kailangan magbigay ako ng biometric information. Yes, nagbibigay ako ng biometric information para ako ay makaboto. Pero iyong ibinibigay kong impormasyon na iyon, ipinagkatiwala ko sa COMELEC para lang iyon, may kaugnayan lang iyon doon sa karapatan kong bumoto.

I give COMELEC my personal data, including the biometric data, and it is in the safekeeping of COMELEC, but that information, that personal information is only in COMELEC for the sole purpose of ensuring my right to vote. So, iyon lang po ang tanging purpose kung bakit nandoon iyong information na iyon. In the same way, iyong mga iba pang mga ahensiya, halimbawa GSIS, ako member ng GSIS, hawak nila iyong personal information ko, and it is only to be used for the sole purpose of ensuring that I enjoy my rights and benefits as a member of GSIS. May specific purpose po. Malinaw po iyong specific purpose.

Ngayon, anong kaibahan doon sa ipinapanukala niya? Ipinagsama-sama na ang lahat ng impormasyon na ito, para sa anong purpose? For what? It is for all purposes. Iyon ang problema dito na ang impormasyon ng lahat ng mamamayan ay nandiyan, sentralisado,

para sa anong gamit? It can be for any purpose that the government so desires. So, may malaking kaibahan po roon, Mme. Speaker, Mr. Sponsor. At iyan nga po ang kinekwestyon natin.

Ngayon, gusto ko pong ituloy. Una muna, para po magka-idea ang publiko, ano iyong mga impormasyon na hinihingi on the face of the card? Common Reference Number. Puwede po bang ma-explain, what is this “Common Reference Number”?

REP. TEVES. ID number.

REP. TINIO. So, parang ID number, parang Serial Number na iyan.

REP. TEVES. Yes. We have a Common Reference Number.

Kanina pala, Mme. Speaker, nabanggit iyong tungkol sa data na iba-iba iyong data. Sa tingin ko, ang pangalan ng ating interpellator sa NBI at ang pangalan niya sa COMELEC, pareho eh. Pati iyong fingerprint niya sa COMELEC at fingerprint niya sa NBI, pareho.

Again, our data are the same, just spread out, and they are redundant. Kaya nga ginagawa natin siya, ilagay sa isang repositoryo because they are redundant data. And most of the data, if not all our data in our different IDs, are redundant data. Kaya ginagawa nating isa para mas maging madali.

REP. TINIO. Well, Mme. Speaker, hindi po redundant. Kasi po iyong COMELEC, hawak niya iyong biometric data at puwede lang iyong gamitin kung may kinalaman sa pagboto at eleksyon. So, puwede bang pumunta ang kahit anong ahensya ng gobyerno, halimbawa, employer, at hingin iyong biometric data na hawak ng COMELEC?

REP. TEVES. Mme. Speaker.

REP. TINIO. Let us say magtatrabaho ka sa isang government agency, so puwede ba siyang pumunta roon at hingin iyon, at ibibigay ba ng COMELEC sa kanya?

REP. TEVES. Mme. Speaker, hindi ang employer ang pumupunta sa ahensya ng gobyerno kung hindi ang empleyadong nag-a-apply ang magbibigay ng datos na mayroon siya kung nag-a-apply siya ng trabaho. At isa pa, kanina, mali iyong sinabi na ang datos natin sa COMELEC ay para lamang sa pagboto. Ang alam ko kasi, iyong voter’s ID mo is a valid ID accepted by the government not only for voting purposes, but also for identification purposes with any other agency of the government, Mme. Speaker.

REP. TINIO. Well, tama po iyon. Iyong ID,

of course, puwedeng gamitin; it is a valid ID. But the point is, iyong biometric data, ang may access lamang doon ay ang COMELEC and it can only be accessed in the act of voting. So, iyon po ang point natin doon.

Anyway, ang mga data na hihingin at ibibigay ay Common Reference Number, full name, name suffix, a front-facing photograph, sex, date of birth, place of birth, permanent address, blood type, at barcode. Sa smart chip may kasama pang Common Reference Number, agency code, enrolment date, station ID, at sequence number aside from the full name, name suffix, and other personal information I already mentioned, like the permanent address, marital status, blood type, parents’ full name. And then the biometrics information: the left primary finger code, the right primary finger code, left backup finger code, right backup finger code, iris scan, facial image exception code, height, weight, distinguishing features, and tax identification numbers.

So, kapag nag-apply po ang 18-year-old na Pilipino, kailangang ibigay niya ang lahat ng impormasyon na iyan, compulsory. Tama po ba?

REP. TEVES. We need these information. Kailangan mong ibigay iyong impormasyon para makumpleto iyong ID mo. Again, there is no penalty kung ipipilit mo na ayaw mong mag-ID, hindi ka pipilitin, hindi ka huhulihin, hindi ka ipakukulong, hindi ka pagmumultahin. Pero again, hindi ka makakatransaksiyon kung wala kang ID.

REP. TINIO. Again, paulit-ulit po, Mme. Speaker, na talagang sabi niya, walang legal penalty kung hindi ka magrehistro o ayaw mong ibigay ang impormasyon mo, pero hindi ka makakapagtransaksiyon sa gobyerno. So, ipagkakait sa iyo ang karapatan mo bilang Pilipino sa pamamagitan ng batas na ito at ng ID na ito.

Ngayon sa database, bukod doon sa nabanggit na nating mga impormasyon, ito pa ang dagdag: permanent address, temporary mailing address, e-mail address, mobile number, marital status, spouse’s CRN—so, iyong serial number noong asawa mo—marriage certificate reference number, father’s full name, father’s name – suffix, father’s CRN, father’s birth certificate reference number, mother’s full name, mother’s name – suffix, mother’s CRN, mother’s birth certificate reference number, parent’s marriage certificate reference number.

Biometrics information which I read earlier: height, weight, distinguishing features, relevant information to prove filiation, paternity, maternity, and legitimacy or illegitimacy of a child, special status, if any, so whether you are senior citizen, PWD or solo parent.

Other personal circumstances, such as: voter’s identification number, Philippine passport number, tax identification number, PhilHealth membership number,

Professional Regulation Commission registration number, GSIS number, SSS number, HMDF or Pag-IBIG membership number, driver's license. Lahat po iyan, again, kailangan pong ibigay upon reaching the age of 18? Tama po ba?

REP. TEVES. Ibigay mo, kung mayroon ka.

REP. TINIO. Okay, klaro po.

REP. TEVES. Kung wala ka namang e-mail, paano ka magbibigay ng e-mail kung wala kang e-mail? Hindi na dapat itanong iyon, hindi ba? How can you give something when it is not there. Ibig kong sabihin, an e-mail address is not a requirement ...

REP. TINIO. Mr. Speaker, I do not want my time to be wasted ...

REP. TEVES. ... Mme. Speaker, can you please ...

REP. TINIO. ... with impertinent replies. So, let me proceed to number 34.

REP. TEVES. Mme. Speaker, I still have the floor.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Garin, S.). With all due respect, Gentleman, can the Sponsor finish his answer.

REP. TEVES. Ang sinasabi ko, iyong e-mail address, hindi naman katulad iyon ng pangalan na pag wala, hindi na puwede. So, again, e-mail address, alam naman nating lahat na hindi naman lahat ng tao may e-mail, hindi ba? So, iyon lang.

Thank you, Mme. Speaker.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Garin, S.). Thank you, Mr. Sponsor.

REP. TINIO. Thank you, Mme. Speaker, for the Sponsor's clarification that ...

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Garin, S.). Please proceed.

REP. TINIO. ... if you do not have an e-mail address, you will not be given one. Okay, thank you. That was very clear. Okay.

Sensitive personal information, as provided in Section 4—so, kung babalikan po natin iyong Section 4, ang sabi po:

(1) Sensitive personal information refers to data or personal information on biometrics of an individual.

So, kasama na po ito:

(2) An individual's race or ethnic origin, marital status, age, color, and religious, philosophical or political affiliations;

(3) an individual's current health, education and genetic records;

(4) record of any proceeding on any offense committed or alleged to have been committed by an individual, the disposal of such proceedings, or the sentence of any court in such proceedings;

(5) issuances of government agencies peculiar to an individual which include a social security number, licenses and their denials, suspension or revocation, and tax returns; and

(6) any classified disclosure made by an individual pursuant to an existing law, rule or regulation.

Puwede pong paki-explain, Mme. Speaker, kung paano po kokolektahin itong sensitive personal information. So, iyong sa biometrics malinaw, isa-submit mo ang iyong sarili para makolekta ang iyong fingerprints at saka iris scan and others. Ito po, sabi po dito, "an individual's race or ethnic origin." Ano po iyan? Paano po iyan sa konteksto ng Pilipino? Ano po ang kailangang ilagay diyan o ibigay na information, race or ethnic origin?

REP. TEVES. Mme. Speaker, mga impormasyon dito, iyong tao ang magbibigay. Pero marami namang impormasyon na kahit hindi nila ibigay is already public record. Ibigay mo man o hindi, nasa datos na iyan ng ating gobyerno katulad ng mga kaso ng isang tao na nasa mga korte. That is public record.

REP. TINIO. Eh kung wala po sa public record, ano ang mangyayari? Kailangang ibigay po?

REP. TEVES. Kung wala sa public record, di malamang hindi totoong kaso iyon.

REP. TINIO. Hindi pa po kaso ang pinag-uusapan natin. Sabi ko nga lang, race, an individual's race. So, kailangan ko pong sabihin sa opisyal na nagkokolekta ng impormasyon, sasabihin ko kung ako ay may halong Chinese or Chinese-Filipino or you know, may halong European,? Ganoon po ba? Paano iyan? American, African-American, Filipino.

REP. TEVES. Again, it is for the person to give his race.

REP. TINIO. How about ethnic origin, Mme. Speaker? Ano ito?

REP. TEVES. Come again?

REP. TINIO. Ethnic origin—nasa Bill ninyo po, ethnic origin.

REP. TEVES. Ethnic origin.

REP. TINIO. Ano po iyan? So, Lumad, ganoon po ba?

REP. TEVES. Yes. Sa mga ganoong impormasyon kasi nakatutulong iyan. For example, you say you are of this race but you look far too different from the race that you say you are, then it will already raise a red flag.

REP. TINIO. Red flag.

REP. TEVES. Again, this is for identification purposes. Also, it will help. You know, even with disease, even with health care, later, nakakatulong ito dahil mayroong mga race na madaling matamaan ng certain sakit, mayroong mga race na hindi. So, kahit sa disease prevention in the future, it can also help.

REP. TINIO. So, obligado po ako na ibigay ang impormasyong ito?

REP. TEVES. Sa tingin ko, kung hindi ninyo alam, again, it is not as important as your name and your address.

REP. TINIO. Ah, so optional po ito? Paano po ba?

REP. TEVES. To the extent, again, it is the same as the e-mail address. Di ba?

REP. TINIO. Ah, iyon ...

REP. TEVES. Hindi naman kasi lahat alam talaga kung ano iyong ethnicity nila, but it does not mean that later, kung nalaman mo na, hindi na puwedeng idagdag sa database mo. Kaya nga ginawa nating ganito iyong database para puwede rin siya maging progressive. Ibig ko sabihin, katulad ng pamilya, hindi ba, kung dati ilan lang anak mo, nadagdagan iyong anak mo so puwede madagdag sa database mo iyon.

REP. TINIO. What about—mayroon dito color eh. Actually, hindi po malinaw. Ano po ibig sabihin niyon—color? Ano po ang hinihingi ninyong impormasyon sa citizen, sa mamamayan? What do you mean by “color”?

REP. TEVES. Sa tingin ko that is just common sense. Kung may lisensya ka, hinihingan ka rin ng

color; kahit color ng mata mo nasa lisensya mo iyon eh.

REP. TINIO. Well, Mme. Speaker, if the Speaker or the Sponsor is referring to eye color, then I think it should be specified. Eh hindi naman po malinaw dito.

REP. TEVES. No, ang ibig kong sabihin, sinasabi ko lang na iyong color is definitely, di ba, it is part of the ID. Sa lisensya natin mayroon niyan, hindi ba?

REP. TINIO. Merong ano? Skin color?

REP. TEVES. Ah, mayroon ba sa license? Eye, eye ang may color sa license. Yeah.

REP. TINIO. Hindi, kaya nga linawin po natin, Mme. Speaker, ano po bang tinutukoy dito? Eye color? Skin color? Ano pong color, hair color?

REP. TEVES. It is actually skin color.

REP. TINIO. Skin color.

REP. TEVES. If the Gentleman wants it amended to be skin color, then he can say his amendments later.

REP. TINIO. Mayroon pang skin color ngayon. Okay. So, itong religious, philosophical or political affiliation, kailangan pong i-submit ko itong information na ito?

REP. TEVES. Wala na iyan, Mme. Speaker. Sinabi na kanina—sana nakinig sila—na hindi na iyan isasama.

REP. TINIO. Well, kung hindi na po isasama, eto po ang nasa Bill.

REP. TEVES. There will be an amendment later na hindi na iyan isasama.

REP. TINIO. Pero, Mme. Speaker, I think it is very telling that these categories of information were originally included. Bakit kaya inilagay iyan diyan?

REP. TEVES. Nasagot na rin iyan kanina, Mme. Speaker. Kung hindi man sila nakinig, uulitin ko: There were agencies who were part of the technical working group. I am not sure which, but that was an input of one of the government agencies. Nevertheless, the authors already agreed that that will be deleted.

REP. TINIO. And then, ito pa po, an individual's current health, educational and genetic records. So, health record, kailangan pong i-submit ang mga health records, ang educational records and genetic records sa database na ito?

REP. TEVES. Kailangan.

REP. TINIO. Health records kailangan pong ibigay sa gobyerno? Bakit po kailangan? Ngayon po, Mme. Speaker, hindi po maaaring hingin kahit po ng gobyerno ang iyong health records without your consent. And without your consent, pwede lang po itong makuha with a warrant, with a court order. Pero dito po, sa batas na ito, inoobliga ang bawat mamamayan na isuko sa database ng gobyerno ang kaniyang mga health records, kaniyang educational record at pati ang kaniyang genetic records.

Now, doon muna tayo sa health records at saka sa education records. Bakit po kailangang ibigay ito sa database ng gobyerno ito?

REP. TEVES. Okay. Let us start with the health records, Mme. Speaker.

Sa tingin ko, alam ng ating interpellator na hindi ka naman makapag-transact sa PhilHealth kung wala kang health record eh. Ganoon lang kasimple iyan. And it will be very helpful if you put your educational record in as part of your identification. And, again, hindi ko maintindihan, bakit parang kinakatakot nila iyong educational record. Sa tingin ko, noong panahon na nagpapapili tayo para sa election, sinusulat natin ang ating educational record.

REP. TINIO. Mme. Speaker, ano naman itong genetic records? Genetic Records, ano ibig sabihin niyan, Mme. Speaker? Ano iyon? Ibig po bang sabihin kailangan magbigay ako ng DNA sample sa gobyerno sa paghingi ko ng ID, o sa pag-apply ko o pag-register ko sa ID na ito, kailangan kasama doon ang DNA test? So, magsa-submit ako ng DNA sample? Iyon po ba ang ibig sabihin nito?

REP. TEVES. Anyway, the genetic records, if you do not—you are not sure, then, it may not—it may not come from you, but, again, if the government agencies . . .

REP. TINIO. May not come from you—ano po ang ibig sabihin niyan?

REP. TEVES. Ang ibig sabihin niyan, kung mayroong genetic record ang government agency, so mas maganda mailagay. Sa totoo lang, it is better to have genetic data in our IDs for crime prevention or for identification of criminals later. Sa ibang bansa, ginagamit na iyon eh. Tayo, masyado tayong backward kaya wala pa tayong ganoon. But again, we really have to improve. I think it will be beneficial for the whole country if we include generic records. The Gentleman may have a different view.

REP. TINIO. Mme. Speaker, sa ibang bansa po,

mayroong mga genetic records doon sa mga criminal o kaya accused ng krimen. Kaya po nagkakaroon ang mga law enforcement agencies ng genetic records ng tao ay dahil po napailalim sila sa criminal justice system ng isang bansa, so, nag-surrender sila, whether voluntarily or involuntarily, noong kanilang genetic records. Pero po, ang hinihingi po ng batas na ito ay compulsory surrender of genetic records of all citizens. Whether may krimen ka o wala magbibigay ka ng laway para mayroong genetic records ang gobyerno sa iyo.

So, malaki po ang kaibahan noong sinasabi ng ating Sponsor sa kalakaran sa ibang bansa. Sa ibang bansa, may pagkilala pa po sila ng right to privacy. At iyan na nga po iyong punto ko. Nasaan na po ang right to privacy dito? Kasi dito sa personal sensitive information na nais kulektahin ng ating Sponsor, eto na nga, iyong health records mo, hinihingi; iyong educational records mo, hinihingi; pati genetic records mo, hinihingi.

Sabi ko nga, sa ngayon, hindi basta-basta makukuha iyan ng gobyerno o ng sinuman nang walang pahintulot mo. Kung gusto iyan makuha ng gobyerno ngayon o ng sinuman, pumunta ka muna sa korte at humingi ka ng court order. Pero sa panukalang batas po na ito, required na po, compulsory para sa lahat at binibigyan ng kapangyarihan ang gobyerno na kolektahin at itago ang mga records na ito. Whether mayroon kang ginawang kasalanan o wala, lahat po kailangan. So, this is practically rendering meaningless the right to privacy. Nasaan pa ang privacy ng individual kung ang mga impormasyong ito sa iyong pagkatao ay inoobliga kang isuko na sa gobyerno? Iyan po ang hindi natin maintindihan.

Pati na nga sa original na draft na—actually, hindi sa original na draft, sa nakasulat ho ngayon, kasama pa rito iyong religious, philosophical and political affiliations. So, hindi lang impormasyon tungkol sa iyong pisikal na pangangatawan, pagkatao, pati sa iniisip mo isinama nila sa original na version. So, talagang total surveillance ang gusto pong mangyari dito. Siguro, na-realize ng mga author na halatang-halata na, sobra na, talagang lumalagpas na, kahit sa standard ng ibang mga bansa iyong hinihingi nila rito. Pati political, philosophical, religious affiliations, gusto nilang hingin. Kaya sinasabi nila ngayon ay tatanggalin na raw iyan, pero nandiyan po iyan, nakasulat, malinaw po.

So, iyon po ang problema natin dito. Bakit iyong mga ngayon na protektadong impormasyon ginagarantiya ng right to privacy, kapag naipasá ang batas na ito, kailangang isuko ng indibidwal sa gobyerno. At ibabalik ko po, ano ang kinalaman ng mas mabilis na serbisyo, mas mabilis na transaksiyong publiko, iyon ang sabi niyang dahilan eh, Mme. Speaker. Sabi ng Sponsor natin, kaya natin itinutulak ito para daw mapabilis ang transaksyon ng mga mamamayan sa iba't ibang mga ahensiya ng gobyerno para kapag pumunta ka sa SSS ay madali kang makakuha ng benepisyo, et cetera. Ano

ang kinalaman ng iyong genetic record, ng iyong health record, pati nga, Mme. Speaker, kasama pa rito “record of any proceeding on any offense committed or alleged to have been committed by an individual, the disposal of such proceedings, or the sentence of any court in such proceedings.” Ni hindi pa nga po criminal record ang hinihingi, if any. Ang sabi lang dito, “record of any proceeding on any offense committed or alleged to have been committed by an individual x x x.” So, mas matindi pa nga ito, ni hindi iyong aktuwal check kung mayroon kang criminal record, kung mayroong nagsampa ng complaint sa iyo, nagsampa ng complaint sa iyo sa barangay, aba eh, that is a record, nandoon na iyon. It is irrelevant whether or not aktuwal na ginawa mo iyong akusasyon, aba eh nasa record na ito. Iyan ang gusto nilang mangyari. Puwede bang matanong, Mme. Speaker, bakit hindi lang criminal record ang pinag-uusapan, pati record of any alleged offense committed nandoon na?

REP. TEVES. Mme. Speaker, if I may answer. Again, those records are already public records. Be it you are a convicted or you were just charged, they are all public records.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Garin, S.). I would like to remind the Honorable Tinio that the interpellation has been over one hour ...

REP. TINIO. Yes, Mme. Speaker, then I will wind up.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Garin, S.). ... and if you can wind up, please. Thank you very much.

REP. TINIO. I think my last point, Mme. Speaker, will be with regard to—ito lang, gusto ko lang i-point out, Mme. Speaker, I think I have already demonstrated that the introduction of a Filipino ID system will be discriminatory. It will introduce discrimination where currently there is none. Kapag ipinasá po ang batas na ito, magkakaroon na ng dalawang klase ng mamamayang Pilipino: iyong mamamayang may ID na puwedeng makipagtransaksiyon sa lahat ng mga ahensiya ng gobyerno at makuha, matamasa ng mga serbisyo, benepisyo at iba pa na karapatan niya, tapos iyong mga kababayan natin na walang ID. At paulit-ulit na sinasabi noong Sponsor natin, kapag wala kang ID okay lang, walang criminal offense diyan. Pero pasensiya ka, hindi ka na puwedeng makipagtransaksiyon sa mga ahensiya ng gobyerno, wala ka ng serbisyo. Ngayon, hindi lang po theoretical ang problema na iyan, Mme. Speaker, kasi iyong simpleng birth certificate na hindi hamak na mas simple kesa sa pino-propose na national ID, eh milyun-milyong kababayan natin hindi pa nga

maka-apply at makakuha ng birth certificate, 7.5 million according to one report ang walang birth certificate.

So, already, the passage of this system will mean the disenfranchisement, the total disenfranchisement of millions of Filipinos from their rights as citizens. Pangalawa, it will introduce a system of internal passports similar to what directly caused our heroes of 1896 to start their revolution against Spain and to end 300 years of Spanish colonialism. Kaya po sila nag-alsa dahil nga ang mga dayuhang nanakop ay nag-introduce ng isang sistema ng national ID. Ngayon po, mga sarili nating kababayan ang nagtutulak na mag-introduce ng ganyang sistema.

Pangatlong punto, Mme. Speaker, ay winawasak na po ng panukalang ito ang anumang karapatan sa privacy—the right to privacy. The simplest definition being the right to be left alone—the right to be left alone by the State, first and foremost. Wala na po dito. Kasi buong buhay mo mula sa pagkapanganak hanggang sa iyong pagkamatay, obligado kang ibigay o binibigyan ng kapangyarihan ang Estado na kolektahin at itago. So, kasama nga doon iyong mga concern natin, the sensitive personal information apart from the biometrics, iyon na ngang mga health record, education record, genetic record, and even records of any allegations of criminal actions, allegations pa lang, kasama na po at kailangan po nating idagdag na hindi po natatapos doon. May probisyon pa po rito na bukod sa sensitive personal information, the FilSys is also authorized to include other “sensitive personal information not previously specified.” So, puwede pa pong dagdagan iyong impormasyon dito bukod sa binanggit nang napakarami at sinabi pa, again in Section 7, “such other information as the pertinent authorities may require for the purpose of attaining the objectives of the FilSys.” So, in other words, open-ended po sa batas na ito—open-ended ang tipo at dami at lawak ng impormasyon na maaaring hingin, kolektahin at itago at gamitin ng gobyerno mula sa kanyang mga mamamayan.

So talaga pong winawasak na po ng panukalang ito ang anumang karapatan sa pagsasarili—privacy. Kaya kailangan po nating tutulan ito, Mme. Speaker.

Hanggan doon na lamang, Mme. Speaker, dahil alam ko tapos na ang aking oras. Nagpapasalamat po ako sa inyo. Nananawagan ako muli sa ating mga kasamahan na tutulan po natin ito. Kung sinasabi nila para daw mapabilis ang mga transaksiyon pero tanungin natin ang ating mga sarili, para ba mapabilis ang mga transaksiyon ay kailangan mong isuko ang kaibuturan ng iyong bituka at kaluluwa sa gobyerno para lang mapabilis ang iyong mga transaksiyon sa gobyerno?

Kailangan manindigan po tayo sa kalayaan at karapatan ng indibidwal kontra sa panunupil ng gobyerno at malinaw na malinaw po na kapag naipasa

ito, magiging makapangyarihang instrument ito ng gobyerno— anumang gobyerno para sa pagkontrol ng kanyang mamamayan. Dapat po tayong bumoto ng “No” sa panukalang ito, Mme. Speaker.

Maraming salamat po.

THE DEPUTY SPEAKER. (Rep. Garin, S.) Thank you, Honorable Tinio of ACT TEACHERS Party-List. The Floor Leader is recognized.

REP. ROA-PUNO. Mme. Speaker, may we recognize for her interpellation the Hon. France L. Castro of ACT TEACHERS Party-List.

I so move, Mme. Speaker.

THE DEPUTY SPEAKER. (Rep. Garin, S.) The Hon. France Castro is recognized. Please proceed.

REP. CASTRO (F.L.). Thank you, Mme. Speaker.

Tutungtungan ko lang po siguro iyong right to privacy ng individual. So, kahapon, binanggit po ng ating kagalang-galang na Sponsor, si Cong. Sol Aragones, iyong experience ng India tungkol dito sa ID system. Ito po iyong sa ID system ng India na mayroon pong pinakahuling desisyon ng Supreme Court sa bansang India kaugnay po ng ID system at kaugnay doon sa privacy. So, ito po iyong Aadhaar, binabanggit po noong ating kagalang-galang na Sponsor, Congresswoman Aragones, na siya po ang nag-maintain ng info sytem sa India. Ito po iyong private company led to secure nightmare, privacy leaks, pati Hindu god Hanuman ay may ID. Kahit na iyong dogs, kahit na iyong baka ay narehistro dito sa ID system ng India na pinamahalaan ng Aadhaar.

So, nakalagay po doon sa India decision, doon po sa latest decision ng Supreme Court ng India, at, Mme. Speaker, kung papayagan ninyo lang po akong banggitin iyong mga highlight noong desisyon na ito.

So, unang-una:

The Court has been addressed on various aspects of privacy including: (i) Whether there is a constitutionally protected right to privacy; (ii) If there is a constitutionally protected right, whether this has the character of an independent fundamental right or whether it arises from within the existing guarantees of protected rights such as life and personal liberty; (iii) the doctrinal foundations of the claim to privacy; (iv) the content of privacy; and (v) the nature of the regulatory power of the State governing this data.

So, ito po, iyong nakalagay dito sa tinatawag nga po nila, ng ating nasa India na landmark decision ng Supreme Court.

So, ang pinag-uusapan po dito ay iyong fundamental right ng isang individual doon sa kanyang right to privacy. Sabi sa desisyon:

The right of privacy is a fundamental right. It is a right which protects the inner sphere of the individual from interference from both State, and non-State actors and allows the individuals to make autonomous life choices.

X X X

“Let the right of privacy, an inherent right, be unequivocally a fundamental right embedded,” doon po, doon sa part III noong Konstitusyon ng India, “but subject to the restrictions specified, relatable to the part. This is the call of today.” So, nakalagay po dito, “The old order ... yielding place to new.”

So, iyong conclusion po dito:

The right to privacy is protected as an intrinsic part of the right to life and personal liberty under Article 21 and as a part of the freedoms guaranteed by ... the Constitution.

So, ito po iyong latest. Pamilyar po ba kayo dito kasi hindi ko ito narinig kahapon doon sa pagbanggit po ng ating Sponsor, Cong. Sol Aragones.

REP. TEVES. Mme. Speaker, may I yield to Cong. Sol Aragones.

REP. ARAGONES. Mme. Speaker, ang binanggit ninyo ho tungkol sa India, ganito po iyong kontensyon at pagtingin natin dito. Kahapon, binanggit natin kung paano naging successful sa kanila ang pagkakaroon ng national or Filipino ID—hindi pala Filipino, National ID System. Ibig hong sabihin nito, kapag ibinigay natin na example ng isang lugar o isang bansa, hindi ibig sabihin nito ay kokopyahin natin ang kabuuan na laman ng kanilang batas. Tinitingnan lang ho natin dito ang anggulo kung saan naging epektibo, naging mabilis at naging maayos ang pagpapatupad nito, tulad halimbawa sa Hong Kong, sa Kuwait at marami pang bansa na puwede nating pagsama-samahin ang strength at malakas at maganda doon sa kanilang batas. Pero ang katotohanan ho diyen, gumawa tayo ng sarili nating version, kaya mayroon ho tayong tinatawag ngayon na Filipino ID System.

REP. CASTRO (F.L.). Tama po iyon, Filipino version, pero ang pinag-uusapan po natin dito, kapag pinag-usapan natin iyong right to privacy, ito po ay—wala pong Pilipino-Pilipino dito o India-India dito o US-US citizen. Kapag pinag-usapan po natin iyong right to privacy, basic right iyan, nakalagay iyan sa mga international instrument na iyong pare-parehas lang po iyong meaning noong ating right to privacy, at pare-parehas din po doon sa base sa mga karanasan

na binanggit na ng ating mga kasamahan kanina kung papaano naha-hack, nabi-breach iyong ating mga data na ilalagay dito sa depository o dito sa tinatawag nating chip, ito man ay database o whatever.

So, ang sinasabi po natin dito, maging ang India, nakita nila after na magkaroon ng ganitong batas, pero ito ay nagkaroon ng desisyon ang Supreme Court na ito ay talagang pag-abridge doon sa tinatawag na fundamental right ng isang tao, sa right to privacy. At, mukhang ito ay ipatitigil, iyong ganitong ginagawang national ID system ng India. So, ito iyong nakikita nating bali-balita ngayon sa India na very relevant doon sa tinutukoy natin.

Nabanggit na kanina ng ating mga kasama iyong mga very sensitive na mga data na ilalagay dito na tingin natin na kapag ide-divulge nating lahat ito ay parang open na ito sa State o sinuman na mayroong anumang rason o dahilan para makuha ang iyong data. Open na open na ito kasi mayroon na siyang, isa na lang ang pagkukuhanan natin, hindi po ba, Mme. Sponsor?

REP. ARAGONES. Mme. Speaker, ihalimbawa ho natin ang India, ang kuwento ng India at ng Pilipinas ng Filipino ID System na sinasabi natin. Wala ho itong pinagkaiba kung may isang tao kang iniidolo o tinitingnan. May isang tao kang iniidolo dahil naging successful ang buhay niya. Ibig sabihin, ang positibo at magandang ginawa niya gusto mong gayahin at gusto mong sundan. Pero, ang mga naging pagkakamali at hindi naging successful na bahagi ng buhay niya, hindi mo gustong gawin ulit kaya tayo mayroong sariling version, diyan ho pumapasok, kaya nga mayroon tayong safeguards. Tiningnan ho natin itong sa India, hindi sila naging matagumpay dito, hindi maganda ang kinalabasan, kaya maganda ito na naglagay tayo ng safeguards.

Uulitin ko po, nakasaad po sa ating panukalang batas, sa Section 14 ito, na inatasan nga po ang mga ahensiyang ito, ang PSA o Philippine Statistics Authority na makipag-ugnayan sa National Privacy Commission maging sa Department of Information and Communications Technology para matiyak na maayos ang implementasyon nito at ma-organisa nila ang physical, ang technical security measures na kailangang gawin dito para po maiwasan ang pagkakamali ng mga ibang bansa na diumano ay gumamit ng ganitong mga paraan katulad ho ng contamination ng data, misuse. Kaya rin ho mayroon tayong bahagi ng panukalang batas na ito na bawal iyong i-disclose, iyong unlawful na paglabas ng mga impormasyon.

So, at the end of the day, ang sinasabi po natin dito, talagang mayroong mga ahensiya na may kanya-kaniyang papel na gagampanan dito para matiyak na hindi ho natin mava-violate ang right to privacy ng bawat indibidwal na magpaparehistro dito sa Filipino ID System.

REP. CASTRO (F.L.). So, iyong right to privacy

po ng indibidwal, bibigyan natin ito ng safeguard. Pero, marami na pong nabanggit kanina kung paanong ang pribadong mga data ng mga tao ay na-hack, na-breach. Ano ba ang pagkakaiba natin dito sa sistemang gagawin natin? Pare-parehas lang naman ito na gagamitan natin ng technology, like iyong computer. So, ano ang pagkakaiba nito, Mme. Sponsor, Mme. Speaker, doon sa sinasabi ninyong sarili nating pagse-safeguard, doon sa ating mga data na ilalagak dito, sa PSA man iyan or sa DICT or wherever po?

REP. ARAGONES. Tandaan ho natin, may kasabihan ho tayo na ang lesson ng nakaraan ay dapat dalhin sa ngayon. Ibig sabihin, hindi lahat ng nangyari noon ay dapat ding mangyari ngayon. Kaya naman po nandiyan, sa administrasyong ito, mula noong administrasyong ito ay nandiyan na ho ang DICT. Pasensiya na ho kayo kaya lang lagi naming puwedeng ulit-ulitin ang DICT.

Ang sinasabi ko ho kanina hindi, hindi ko ho kayang igarantiya ang absolute na talagang hindi mangyari ang nangyari before, pero ang sinasabi natin, ito ho iyong lakas natin ngayon dahil iyong pagkakamali noon, hindi na natin papayagang mangyari ulit ngayon. Isang bagay ang mga nangyari noon na pag-aaralan pa rin syempre ng technical experts natin para matiyak na mai-correct ang pagkakamali noon at mas maging maganda ang pag-i-implement po ng Filipino ID System.

REP. CASTRO (F.L.). Salamat, Mme. Sponsor. Ito po, paano po tayo makatitiyak na hindi rin ito magagamit sa masamang paraan? Magbibigay po ako ng halimbawa doon sa PRC ID lamang ng mga teacher. Halimbawa, kung nabalitaan ninyo, Mme. Sponsor, iyong balita tungkol sa isang teacher na na-excite doon sa kanyang ID—nabalita ito sa Channel 7 yata or Channel 2—na na-excite siya sa kanyang PRC ID at ipinost niya iyong kanyang ID doon sa Facebook, si Teacher Mark. Maganda naman iyong intensiyon niya, parang ipinagmalaki niya na siya ay mayroon nang ID ng PRC, pero later on, Mme. Sponsor, Mme. Speaker, nagamit iyong kanyang data na nakapaloob doon sa kanyang PRC ID na kanyang in-upload na sa masamang paraan na kung saan may nag-loan in his name, na puwedeng magamit ito na kahit man ito ay nasa secure na place doon sa depository na sinasabi natin na puwede itong magamit din, na magamit, ito, itong teacher na ito na nag-loan siya ng P800,000 na hindi naman siya nakakapag-loan.

REP. ARAGONES. Ibig pong sabihin ninyo, Mme. Speaker, nai-post niya ho ito, iyong larawan, tama ho ba?

REP. CASTRO (F.L.). Oo, nai-post niya ito.

REP. ARAGONES. Saan po?

REP. CASTRO (F.L.). Doon sa Facebook.

REP. ARAGONES. Okay. Ang sagot ...

REP. CASTRO (F.L.). So, later on, nagkaroon siya ng loan sa GSIS, nagamit iyong mga data. Ang ibig ko pong sabihin, hindi iyon sa pagpo-post. Ang ibig ko pong sabihin, kung mayroong hindi naman natin natitiyak na lahat ng magbabantay ng ating data dito sa sinasabi sa PSA o dito sa DICT, wala diyang gagawa ng masama doon sa isang indibidwal. So, sinasabi ko lang po ito, na hindi natin natitiyak itong seguridad talaga noong ating mga data.

REP. ARAGONES. Mme. Speaker, iyong kuwento ho ninyo tungkol sa guro na nag-post ng kanyang larawan sa Facebook dahil na-excite doon sa PRC, ang tingin ko ho doon, sarili niya hong inisyatiba na i-post ang picture niya sa Facebook. Ang tingin ko ho ganito lang ho, kayang protektahan ng gobyerno ang privacy natin but ang indibidwal may responsibilidad din na protektahan ang sarili niya. Dahil kung pag-uusapan ho natin iyong panukalang batas natin, sa Section 13 po dito, sinasabi na maaari lamang buksan ang data na ito sa apat na elemento: unang-una, may consent—ibig sabihin, pumayag ang may-ari ng impormasyong ito na buksan, ibig sabihin kung wala kang consent, hindi talaga ito mabubuksan; pangalawa, kung mayroong court order; pangatlo, kung mayroong disaster; at pang-apat, kung nakataya dito o nakasalalay ang public health at public safety. Ibig sabihin, sa amin hong paningin, sapat na ito para guwardiyahan at tiyakin na hindi mava-violate ang privacy ng bawat indibidwal na magrerehistro sa Filipino ID System.

REP. CASTRO (F.L.). Next na tanong, Mme. Sponsor, Mme. Speaker. Nakalagay po dito doon sa Section 12, iyong tatlong mga data na dapat na palitan. Ito po iyong name, tama po ba iyon? Change of person's name by virtue of court order or by application of laws such as a married woman, adopting the surname of the husband, change of personal civil status or change in the person's stated address—tama po ba na ito lang iyong puwedeng palitan dito sa ating panukalang batas?

REP. ARAGONES. Opo, Mme. Speaker, dahil wala ho itong ipinagkaiba sa bangko, na kapag nag-iba na ang address mo, kapag nag-iba na ang apelyido mo, kailangan mong mag-update. Ito lang po ang gustong sabihin ng section na ito, Mme. Speaker.

REP. CASTRO (F.L.). Ito po, “change in person's stated address,” so ibig sabihin, kapag ang isang indibidwal ay nagpapalit-palit ng address—kasi may mga mamamayan tayo na lumilipat ng tirahan—kailangan po ba na ito ay laging irerehistro dito sa ating FilSys, dito sa PSA o sa DICT?

REP. ARAGONES. Opo, Mme. Speaker, kailangan po ito. Ito po ay kailangan para sa kanyang sarili. Unang-una, kung mayroong mga notice o may mga bagong benepisyong ang SSS, kung hindi mo pinalitan ang ID mo, naipadala na pala iyon doon sa dati mong address, sayang ang gantimpala na hindi mo natanggap kasi wala ka doon sa address na sinabi mo.

Ang sinasabi lang ho natin dito, at the end of the day, ang magbebenepisyong ho dito ay iyong tao na nag-a-update ng kanyang mga information dito sa Filipino ID System, at ito naman ho ay sa loob ng anim na buwan. So, tingin ko, mahaba-haba na ho iyong anim na buwan para palitan niya ang address niya at ang iba pang impormasyon, kung may pagbabago man.

At this juncture, Deputy Speaker Garin (S.) relinquished the Chair to Deputy Speaker Romero “Miro” S. Quimbo.

REP. CASTRO (F.L.). Siguro po, sa mga regular na tao. So ibig sabihin, what about po iyong mga indibidwal, mga mamamayan natin na biktima po sila ng conflict sa kanilang lugar, biktima sila ng demolisyon sa kanilang lugar na ayaw naman nilang umalis doon sa address nila, biktima sila ng pagbabakwet, halimbawa, iyong mga mamamayan natin sa Marawi, mamamayan natin na Lumad o iyong mga mamamayan natin sa urban na pilit na dine-demolish. So, ito po ba, kailangan nila na every six months magtse-change sila ng address, iyong mga bata, iyong mga pamilya nila, iyong pamilya ng mga nag-e-evacuate, iyong mga displaced persons na karamihan na ngayon, dahil sa martial law, maraming nadi-displace at kung saan-saan napupunta?

Kung maipasá itong panukalang batas na ito, kailangan iyon. Kung hindi nila gagawin, mayroon itong penalty. Tama po ba, Mme. Sponsor, Mr. Speaker?

REP. ARAGONES. Mr. Speaker, wala hong penalty sakaling hindi nila palitan ang mga pagbabago like iyong i-update ang address nila, marital status. Wala hong penalty silang kailangang kaharapin dito. But, uulitin ko po iyong sinabi ko kanina, ito ho ay para sa sarili nila kaya kailangan nilang gawin.

Kung ngayon nga ho, sa existing natin ay nagagawa naman talagang palitan, so bakit naman kapag may Filipino ID System, hindi nila kayang gawin? So, naniniwala ho tayo na kayang gawin ito.

REP. CASTRO (F.L.). Kaya pong gawin ito sa may regular na buhay. So iyong binabanggit ko po sa inyo kanina ay iyong mga may special case. Iyong may mga special case na binanggit ko kanina, paano ang gagawin ng batas para nga magkaroon ng kumbaga, special na konsiderasyon doon sa mga mamamayan natin na biktima ng mga ganitong pagkakataon?

REP. ARAGONES. Mr. Speaker, naiintindihan ko po iyong pinanggagalingan ninyo. Alam ho ninyo, sa lahat naman ng pangyayari, laging may special consideration tayong puwedeng ibigay at kami ho ay bukas para sa inyong suhestiyon sa inyong sinabi kanina at maaaring idagdag o pag-aralan din ho ang inyong sinasabi.

REP. CASTRO (F.L.). Thank you, Mme. Sponsor.

Halimbawa lang po, iyong mga binanggit natin na mga data na ilalagay natin doon sa ating depository, may mga sex, so ito po iyong sex, parang mayroon tayong discrimination dito kasi hindi lang naman sex—wala ba tayong ilalagay dito na “gender,” halimbawa?

REP. ARAGONES. Mr. Speaker, sa amin hong pagtingin ay maaaring baka ibang issue na po iyon.

Sa existing ho kasi natin ngayon, kahit saang ahensiya ka pumunta, standard naman ho na nakalagay doon iyong sex. So, tingin ho namin, hindi na ito magiging issue sa panukalang batas na ito.

REP. CASTRO (F.L.). Halimbawa po iyong transgender, ito mayroon tayong mga batas o iyong mga karapatan na ipinaglalaman para sa mga LGBT. Hindi ba malaking diskriminasyon ito, kung halimbawa, lalaki ako ngayon—babae ako ngayon at gusto ko later on na mag-change ng aking gender o mag-change ng aking gender, hindi ba iko-consider ito?

REP. ARAGONES. Mr. Speaker, sa atin hong pagkakaalam sa existing na batas na mayroon po tayo ngayon ay hindi ho tayo puwede magpalit ng sex na ilalagay doon sa papel na humihingi sa atin noon. Kaya, we will stick to the rules at sa ating batas.

REP. CASTRO (F.L.). So, sinasabi ba ninyo, Mme. Sponsor, na mag-i-stick ang lahat ng tao na magfi-fill up nito doon lang sa sex? So, wala tayong iko-consider na LGBT rito?

REP. ARAGONES. Sa ngayon po, sa puntong ito po na nag-uusap tayo, oo, dahil kailangan nating sundin ang ating batas, pero hindi ko ho ito sinasarado. Ang sinasabi ko, pag nagkaroon na ho tayo ng batas tungkol dito, kami naman ho ay open sa mga pagbabago na puwedeng higit pang magpaganda ng implementasyon ng Filipino ID System.

REP. CASTRO (F.L.). Thank you, Mme. Sponsor.

So, mabalik po siguro ako doon sa objectives ng ating panukalang batas, doon sa Declaration of Policy. So, sinasabi natin dito, to simplify the process of public service. Ibig pong sabihin nito, ngayon po di ba, sa sinasabi ni President Duterte, lahat ng mga transaksyon

sa gobyerno, within three days, pero hindi ito natutupad. So, ibig pong sabihin, kapag mayroon akong nai-present na ID ay masi-simplify at madaling mapoproseso ang serbisyo ng isang mamamayan sa anumang government transaction?

REP. ARAGONES. Ang simpleng halimbawa ho dito ay kapag pumunta ka sa bangko. Sa ngayon po ay hinihingan tayo lagi ng two valid IDs. Alam ho ninyo, sa mga ordinaryong tao, napakahalaga na maging mabilis at epektibo ng serbisyo natin. Di na ho kailangan ng dalawang IDs ngayon kapag naisabatas ito, isa na lang ho ang ipipresenta ninyong ID at mapoproseso na po ang dokumentong kinakailangan ninyo.

REP. CASTRO (F.L.). Ito po iyong pangalawa sa objective—reduce redundancy and delay in the government service and transaction, eliminate multiple government identification system, bring down administrative cost and expenses and promote greater convenience to the public.

By the way, Mme. Sponsor, pag nagpa-ID po ba, may babayaran ba ang isang mamamayan dito sa pag-a-ID?

At this juncture, Deputy Speaker Quimbo relinquished the Chair to Deputy Speaker Sharon S. Garin.

REP. ARAGONES. Madam, Mister, ay Madam na pala.

Mme. Speaker, ang magandang balita ko po sa inyo ay wala pong bayad. Wala pong bayad ang pag-release nitong ating Filipino ID, kaya wala pong dapat alalahanin sa bayad.

REP. CASTRO (F.L.). E kung, Mme. Speaker, Mme. Sponsor, halimbawa po, ang isang mamamayan ay nawala iyong kanyang ID, ano po ang nakalagay na probisyon dito? Magbabayad na po ba siya?

REP. ARAGONES. Opo. Sa pangalawang pagkakataon po. Halimbawa, sabi ko nga po kanina, sa unang pagkakataon na ibibigay ang ID na ito, ito po ay libre. Pero sa pangalawang pagkakataon at ito po ay nawala, kailangan na pong magbayad. Tinuturuan din ho natin dito na maging responsable ang bawat indibidwal sa Filipino ID na ibinigay sa kanila.

REP. CASTRO (F.L.). Hindi ba ito ay dagdag pahirap, Mme. Sponsor, sa ating mga mamamayan? Sa tingin ba ninyo, kung kayo po iyong mag-aano dito sa TWG or IRR, mga magkano po kaya ang ID sa second time around na ibibigay itong ID na ito?

REP. ARAGONES. Sa punto pong ito ay hindi pa ho namin masabi sa inyo kung ano ang eksaktong

amount nito dahil ito ho ay papasok sa ating IRR sakali hong ito ay maisabatas. Pero ang sinasabi ho natin dito, I think lahat naman ho yata ng ID, binabayaran natin. May mga bagay na katanggap-tanggap na sa ating mga mamamayan at hindi na ito magiging pabigat sa kanila.

REP. CASTRO (F.L.). Thank you, Mme. Speaker.

Iyon pong nakalagay dito sa objective ninyo, “facilitate private business,” so ano po ang ibig sabihin nito? Basta may ID ka, mabilis ka na sa halimbawa, sa mga pribadong ospital o sa mga private na mga ahensiya, paano po ito sa kongkreto?

REP. ARAGONES. Ano po ito, Mme. Speaker, gaya ng nasabi ko kanina, sa bangko, aabalahin ka pa na dala-dalawang ID pa ang kailangan mong ibigay. Kapag hindi mo pa dala ang isang ID mo, hindi pa mapoproseso ang transaksyon mo. Pero dito, wala ka nang kailangang sandamakmak na ID na dadalhin. Iyong isang ID mo ay sapat na dahil, well, at the end of the day, ang ibig lang sabihin nito iyong simple identification mo, nandoon na sa ID na iyon.

REP. CASTRO (F.L.). Okay. E iyong magpo-provide po ng ID system, ito po ba ay through PPP o mayroon po tayong magiging technology na magpo-produce ng ating mga IDs?

REP. ARAGONES. Mme. Speaker, ito po ay ang DICT. Ang mangyayari po dito, isi-synchronize po lahat ng mga impormasyon sa mga implementing agencies.

Uulitin ko lang ho ang estruktura nito. Ang repository po ng lahat ng impormasyon ay ang Philippine Statistics Authority. Ang DICT naman po ang magbibigay ng technical expertise sa lahat ng mga ahensiya ng gobyerno na papayagang mag-release ng ID na ito. Anu-ano ho ito? Ang PhilHealth, ang GSIS, ang SSS, ang Pag-IBIG, ang COMELEC at iba’t iba pang ahensiya ng gobyerno.

REP. CASTRO (F.L.). So, ito po ay maaaring i-source out. Tama po ba? Maaaring ito ay i-source out sa mga private corporations o mga provider na puwede pong kakausapin ng DICT.

REP. ARAGONES. Mme. Speaker, ito rin ho ang nangyayari sa kasalukuyan. Puwedeng i-source out nila ito kung saan man. Pero kung tinitingnan ho natin na magkakaproblema dito ay nakatutok po tayo dito para matiyak na walang anumang hocus-pocus na magaganap.

REP. CASTRO (F.L.). So, siguro po sa panghuli na, Mme. Speaker, at Mme. Sponsor. Ang Kinatawan pong ito ay muling nangangamba kaugnay doon sa

usapin na kapag naipasa ang panukalang batas na ito, kaugnay pa rin doon sa usapin ng privacy, kaugnay doon sa usapin ng diskriminasyon sa serbisyo para sa ating mga mamamayan, at siyempre po, iyong kalayaan na natin na mabuhay na may liberty.

Kaya po ang Representasyon na ito, Mme. Sponsor, Mme. Speaker, ay talaga pong tumututol sa ating panukalang batas na ito doon po sa mga kadahilanang ito.

Salamat po.

REP. ARAGONES. Maraming salamat din po, Mme. Speaker.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Garin, S.). Thank you, Congresswoman France L. Castro.

The Floor Leader is recognized.

SUSPENSION OF CONSIDERATION OF H.B. NO. 6221

REP. DE VENECIA. Mme. Speaker, I move that we suspend the consideration of House Bill No. 6221.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Garin, S.). Is there any objection? (*Silence*) The Chair hears none; the motion is approved.

REP. DE VENECIA. Mme. Speaker, I move that we acknowledge the presence of the guests of the Hon. Josephine Ramirez-Sato.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Garin, S.). Please rise as you are recognized.

REP. DE VENECIA. These are the federation officers of the Provincial KALAPI of Occidental Mindoro: Sally Lamoca, Liza Baligat, Eva Ramirez, Neri Madatcos, Bituin Manguera, Alice Roldan, Marie Ebon, Mercy Dela Cruz, Marlyn Pascua, Beth Lacuesta, Angelita Unlayao, Mila Alejandro, Marites Majia, Marina Atienza, Corina Capellan, Arnel Flor, Jacob Cruz, Michael Caponpon, Ruel Morales and Reynald Tapales.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Garin, S.). Welcome to the House of Representatives. Thank you. (*Applause*)

The Floor Leader is recognized.

REP. DE VENECIA. Mme. Speaker, earlier, we referred to the Committee on Basic Education and Culture House Bill No. 6254, entitled: AN ACT MANDATING THE INTEGRATION OF PINTUYAN VOCATIONAL HIGH SCHOOL IN PINTUYAN SOUTHERN LEYTE INTO THE SOUTHERN LEYTE STATE UNIVERSITY (SLSU) SYSTEM.

I move to change the referral of House Bill No. 6254 from the Committee on Basic Education and Culture to the Committee on Higher and Technical Education.

I so move.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Garin, S.). Is there any objection? (*Silence*) The Chair hears none; the motion is approved.

CONSIDERATION OF H.B. NO. 6221

Continuation

PERIOD OF SPONSORSHIP AND DEBATE

REP. DE VENECIA. Mme. Speaker, I move that we resume the consideration of House Bill No. 6221, and that the Secretary General be directed to read only the title of the measure.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Garin, S.). Is there any objection? (*Silence*) The Chair hears none; the motion is approved.

The Secretary General is hereby directed to read only the title of the measure.

THE SECRETARY GENERAL. House Bill No. 6221, entitled: AN ACT ESTABLISHING THE FILIPINO IDENTIFICATION SYSTEM.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Garin, S.). The Floor Leader is recognized.

REP. DE VENECIA. Mme. Speaker, the next to interpellate is the honorable lady from KABATAAN Party-List, Rep. Sarah Jane I. Elago.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Garin, S.). Hon. Sarah Jane I. Elago is recognized.

Please proceed.

REP. ARAGONES. Mme. Speaker, may I yield the floor to Hon. Arnolfo “Arnie” A. Teves Jr.?

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Garin, S.). Honorable Teves is recognized.

REP. TEVES. Thank you.

REP. ELAGO. Maraming salamat, Mme. Speaker. Ilang katanungan lang po mula sa Representasyon ng KABATAAN hinggil dito sa ating tinatalakay na Bill sa kanyang period of sponsorship and debate.

My first question is, what is the government’s interest in storing a person’s affiliation whether legitimate or illegitimate? This provision is found on Section 7 of page 8 of 16.

REP. TEVES. Come again. What is the question?

REP. ELAGO. What is the government’s interest in storing a person’s affiliation whether legitimate or illegitimate? Bakit po kailangan na isama pa ang partikular na information na ito dito sa ating mga kailangang information or mga nais na makuhang information dito sa national ID?

REP. TEVES. Importante iyan sa benepisyo sa SSS.

REP. ELAGO. All right. So, this is for the SSS benefits.

REP. TEVES. Yes.

REP. ELAGO. All right. But, iyong tao po na iyon na pagkukunan natin ng impormasyon ay maaari namang hindi rin naman sabihin ang naturang impormasyon kung naisin man niya o piliin niya na hindi makuha iyong benefit na sinasabi ninyo na maaari niyang makuha via SSS.

REP. TEVES. Posible namang magsinungaling iyong tao, but nevertheless, malalaman din iyan because sa birth certificate mo pa lang, nakalagay naman doon, hindi ba? Malalaman mo kung, biological father o o anak talaga sa kasal. Natural lang iyon, hindi ba, nakikita naman talaga iyon.

REP. ELAGO. Ang sa atin lang po, tayo ay nababahala na maaaring ito ay maka-infringe doon sa privacy ng tao na ito kung pipiliin niya nga na hindi malaman o hindi makasama doon sa mga impormasyon na malalagay sa loob ng ID and would only lead to discrimination and embarrassment. Dahil sa kasalukuyang panahon, mayroon pa rin ano at itinatakda pa rin ng iba na taboo, natuturingan na taboo sa ating lipunan ang pagiging illegitimate na child. All right.

On the same section, (c) (35), ano po ang covered dito sa sinasabi natin na “Other sensitive personal information not previously specified”?

Mme. Speaker, I am asking this question because I believe that this is too broad and vague, thus, a breach of the right to privacy. So, ano po ba ang maaaring halimbawa nitong sinasabi natin na iba pang mga sensitibong personal na impormasyon na hindi nasasaad doon sa ating enumeration ng kinakailangan na information? That is Section ano po tayo, Section 7.

REP. TEVES. Are we referring to page 11?

REP. ELAGO. Yes, yes.

REP. TEVES. Sensitive personal ...

REP. ELAGO. Yes, “Other sensitive personal information not previously specified.”

REP. TEVES. Yes.

REP. ELAGO. Ano po sa ...

REP. TEVES. I do not think there is any need to discuss this because the authors have agreed that this will be deleted.

REP. ELAGO. Alright, okay.

Ang Representasyon na ito ay nagagalak doon sa nasabi na ito ay mabubura na dahil nga napakaraming maaaring masama diyan na ibat ibang mga sensitibo na impormasyon na maaari talagang makatapak sa karapatan, sa pribado na impormasyon ng buhay ng ating mga kababayan.

Dito naman ho sa Section 11, Functional Uses, para dito sa ating identification system, you had here an enumeration of the functional uses of the ID system. Nakalagay dito, in the performance of the following acts: acknowledging any document before a notary public; taking an oath of office upon election or appointment to any position in the government service; applying for and receiving any license, certificate or permit from any public authority; paying any tax or fee, or receiving any money sourced from any public fund; and lastly, entering into any other transaction with a government agency or office.

Ang tanong ko po, Mme. Speaker, is this enumeration exclusive? Iyan lang po ba talaga ang mga maaaring mga paggamitan nitong—I mean, the functional uses.

REP. TEVES. Common sense dictates, Mme. Speaker, that it is not. Because, of course, hindi naman sinabi dito na puwede siyang gamitin as identification. Normal na iyon na ang ID pang-identification talaga.

REP. ELAGO. Yes, I am referring to functional uses, Mme. Speaker.

REP. TEVES. Yes, identification is a functional use, Mme. Speaker.

REP. ELAGO. All right. So, hindi po eksklusibo ang naturang lista? I asked this question, Mme. Speaker, because at the outset po, it sounds reasonable and benign and pertains to government transactions only. However, the extreme end is that the ID will be required to purchase goods or paper transactions. I think—kunjari po iyong octopus card sa Hong Kong, iyan, kung saan ito ay nagagamit para sa transport, sa pagbili sa McDonald's, 7-Eleven, A Café at marami pang iba. Will the absence of this ID exclude a person from availing himself even of these most basic goods, services, even if he has the capacity to pay? So, mayroon po bang ganoong mangyayari? Will you be locked out from your bank accounts without this ID?

REP. TEVES. Can you clarify your question?

REP. ELAGO. All right, hindi po ba ang hindi pagkakaroon ng ID na ito, ang isang tao, siya ang mapagkakaitan na makapag-avail, makabili, makakuha ng mga partikular na goods and services kung wala siyang ID?

REP. TEVES. Makabili?

REP. ELAGO. Oo, makabili. Hindi ba nito covered din iyong mga pribadong transaksyon?

REP. TEVES. I do not think there is any mention of requiring an ID for any purchase in this Bill. Is there any?

REP. ELAGO. Nakalagay po kasi dito, maaari din itong valid proof for identification in transactions with government agencies and private establishments. Ito din po ay makikita sa Section 5 ng naturang Bill natin kung saan sinasabi na, heto po:

Private entities or establishments or likewise mandated to accept the FilID as a valid proof of identity of an individual without requiring other or additional documents.

REP. TEVES. Yes, it does not say ...

REP. ELAGO. Does this include purchase?

REP. TEVES. It does not say that the private entities are mandated to exclusively accept this as the only identification. It shall accept this as one of the identifications sa private. Hindi sinasabing ito lang. Kaya hindi ibig sabihin na kung wala siya ng ID na ito ay hindi siya makabibili. Wala naman sinasabi na ito lang, hindi ba? Sa pagbili ha, we are talking about purchase.

REP. ELAGO. Purchase, all right.

REP. TEVES. About services, again, kanina, sinasabi natin na kailangan ito para sa serbisyo ng gobyerno. But again, without the physical ID, you can use your biometric data through your thumb or fingerprint.

REP. ELAGO. Ang susunod ko po na katanungan, Mme. Speaker, ay may kinalaman doon sa naituran na sagot ng ating distinguished Sponsor hinggil sa Section 16. – Failure to Present the ID. Ang sinasabi ho dito, and I quote:

The biometric data shall be accepted in case a cardholder fails to present the FilID when transacting business with the government

and shall not be a ground to deny or limit the grant of basic government service as long as such transaction allows the non-presentation of FilID.

Sinabi po ng ating distinguished Sponsor na kung sigurong naiwan o nakalimutan sa bahay o sa kotse ang FilID, maaari namang gamitin ang biometric data. At sa Section na ito, it is clear, Mme. Speaker, it appears that having an ID is be-all provision and not the efficiency of delivery of government service.

It should instead be focused more po doon sa punishing or doon sa pagpaparusa doon sana sa mga agency natin na magde-deny noong particular government service sa pagkakataon na kanilang hindi kilalanin iyong kawalan ng ID noong isang tao.

Dahil po, paano kung hindi pa nakapagpa-register, ayan, para dito sa FilID ang ating isang kababayan? Ang isang iniisip ko po dito at nakalagay rin sa ating definition of terms iyong hinggil sa ating mga national minorities, indigenous cultural communities o indigenous peoples. Paano naman po iyong mga wala pa talagang mga birth certificate, wala kahit anong datos na makikita sa mga partikular na mga government agencies. Mayroon po bang naging datos ang komite o mula sa kanilang mga debate at sa kanilang technical working group? Nakita ba nila na mayroon tayong bilang kung ilan sa ating mga kababayan ang wala pang birth certificate o kaya ay wala pa tayong partikular na record hinggil sa kanilang pagiging mamamayang Pilipino?

Ngunit ang kawalan naman ng record na ito ay sa dahilan na sila pala ay hindi pa naaabot ng mga particular na mga serbisyo. So, mayroon po ba tayong paraan, ayan, para hindi ma-exclude mula sa doon sa delivery ng social services natin itong mga mamamayan na sa ngayon ay hindi pa naaabot at ngayon ay nais nating sigurong maabot ayan, kung layon ng batas na ito sa pamamagitan ng pagkakaroon ng national ID system?

REP. TEVES. Yes. Kaya natin ito ginagawa na batas para iyong walang identification ay mabigyan ng identification. Very simple.

REP. ELAGO. So, ito po ay magkakaroon ng mga particular na efforts para puntahan itong ating mga cultural communities, mga IPs para dito sa identification system natin?

REP. TEVES. Hindi lang naman sila. Lahat naman ng tao ngayon di ba? Pinapaabot natin iyong serbisyo ng gobyerno hanggang sa kaya ng gobyerno, right?

It is bringing the services to the people. Again, kahit di ba iyong registration minsan pag hindi—if it is wiser to bring the registrants to the place then we do

it instead of, all who want to register—I mean, not the registrant, the one who registers, you bring him to the place kung saan iyong nagpaparehistro kaysa lahat ng magpaparehistro pumunta. Iyong sa mga special cases, halimbawa, you go—if there is a certain tribe and it is not feasible for them to go to where they have to register, then we can always extend government service to their place as we always do.

Just like in terms of calamities. Hindi mo naman pinapapunta sa Maynila iyong kumuha ng relief goods di ba? Iyong relief goods ang ipinapadala mo sa lugar. Ganoon lang kasimple iyan, hindi na kailangang gawing mahirap.

REP. ELAGO. Distinguished Sponsor, may kinalaman pa rin dito sa indigenous peoples natin sa mga national minorities. Paano po kung batay kunwari sa kanilang mga tradisyon, sa kanilang mga particular na mga practices at pakilala na rin natin sa kanilang karapatan, sa sariling pagpapasya. Kung sabihin nila na “Hindi kami sasama o hindi kami magpapasailalim dito sa identification system,” paano po ang pagtrato natin dito sa particular na sitwasyon na ito?

REP. TEVES. Wala naman tayo sa—we are not a communist country, right? We are in a democracy. Hindi natin sila pipilitin. Gusto ninyo bang pilitin natin sila? Hindi naman, hindi ba?

REP. ELAGO. Ang sabi po kasi ...

REP. TEVES. Then, it follows, as I have said, Mme. Speaker, if you do not have an ID, then you cannot transact business with the government; but if it is your choice, then, it is your choice. I hope that is very clear and simple to understand. Thank you.

REP. ELAGO. Mme. Speaker, so tayo ay may pagkilala at nirespeto natin ang kanilang karapatan sa sariling determinasyon at kung ang kanilang pagpapasya ay hindi magpasailalim dito sa ating identification system na nakabatay sa kanilang mga kolektibo na mga desisyon o kung anuman iyong balakin, hindi ba, na gawin at tunguhin ng particular na community na iyon ay respektuhin natin.

Bilang panghuling katanungan dito sa ating Filipino Identification System, nais ko lang pong susugan iyong—nais ko pong malaman ang posisyon o naging diskusyon, kung maaari ninyong maibahagi sa publiko, kung natalakay ba sa inyong mga pulong, sa technical working group natin, hinggil doon sa sinasabi ng ating PNP Chief na itong National ID System ay isang mainam na tool para malabanan ang terorismo. Ito po ang kanyang sinabi nitong July 2017. Ito ho ba ay sumulpot sa inyong mga pag-uusap, sa inyong mga talakayan at anong palagay ng ating distinguished Sponsor dito?

REP. TEVES. I do not remember any incident that the PNP Chief was in the deliberations of this, of the technical working group.

REP. ELAGO. Mme. Speaker, kung hindi po ...

REP. TEVES. Yes, but, may I continue.

REP. ELAGO. Nariyan ang ating PNP Chief. Maaari lang po nating malaman ang posisyon ng ating distinguished Sponsor hinggil dito. Ang National Identification System bilang isang mabisang tool to battle, to combat terrorism.

REP. TEVES. The PNP cannot access this database without the court order. Is that clear and simple, Mme. Speaker?

REP. ELAGO. All right. Nakalagay din po dito, tama po iyong sinabi ninyo kung walang court order, kung hindi nire-require ng public safety at kung sa mga kaso din ng aksidente, disaster, fortuitous events at kung iyong holder mismo ang nagsabi na siya ay nagbibigay ng permiso na mag-disclose ng kanyang mga information sa third person, entity or agency. So, iyon lang po ang mga pagkakataon kung kailan mayroong disclosure ng information or records ng bawat individual sa loob ng ating National Identification System.

REP. TEVES. Yes.

REP. ELAGO. All right. Mme. Speaker, maraming salamat sa mga clarification mula sa distinguished Sponsor. Nawa ay makatulong po ito sa amin para sa pagdedesisyon hinggil sa posible na pagsuporta at pagtutulak sa isang reporma na makapagpapaabot ng mga serbisyong panlipunan sa ating mga pinakamahihirap lalung-lalo na iyong mga hindi pa naaabot ng mga services natin ngayon, sa panahon ngayon.

Maraming salamat, Mme. Speaker.

REP. TEVES. Thank you.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Garin, S.). Thank you, Hon. Sarah Jane I. Elago of KABATAAN Party-List.

The Dep. Majority Leader is recognized.

REP. GONZALES (A.D.). Mme. Speaker, the next to interpellate is Rep. Emmi A. De Jesus from the Party-List GABRIELA.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Garin, S.). I think the Dep. Majority Leader meant to recognize the Honorable Brosas.

REP. GONZALES (A.D.). Mme. Speaker, the next to interpellate is Rep. Arlene D. Brosas from the Party-List GABRIELA.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Garin, S.). The Honorable Brosas is recognized. Please proceed.

REP. BROSAS. Yes, magandang gabi po, Mme. Speaker, magandang gabi, G. Isponsor. Ilang katanungan lang po dahil naging extensive naman ang mga pagtatanong kanina.

Mme. Speaker, sinasabi ng Sponsor ng panukalang National ID System na kinakailangan ito para umano sa pagpapaunlad ng social benefit programs ng gobyerno. Subalit nais itong palalimin ng Representasyong ito para malaman pa kung ano ang iba pang agenda under dito.

Sa Declaration of Policy, nakalagay po, “to simplify processes in public services, reduce redundancy and delay in government services and transactions, eliminate multiple government identification system, bring down administrative costs and expenses,” et cetera. Sa Section 3 on Objectives, nakalagay po, “The Filipino Identification System or FilSys is hereby instituted as an economic and social tool towards the attainment of a progressive society.” Therefore, tungkol po doon ang mga katanungan ko.

Ginagamit sa kasalukuyan ang Listahanan 2015 bilang National Household Targeting System for Poverty Reduction o batayan ng maraming social protection programs, kabilang po ang 4Ps o Pantawid Pamilyang Pilipino Program at PhilHealth. Sinasabi sa sistemang ito ay tinutukoy ang poorest of the poor gamit ang masalimuot na metodolohiya. In fact, pinondohan din ito ng malaki ng gobyerno ang mga ID na ito. Hindi ba sapat ang Listahanan para alamin ang mga dapat na benepisyaryo ng mga programa ng gobyerno? Bakit pa po natin kailangan ang national ID kung gusto nating tukuyin ang mga poorest of the poor natin o ang mga pinakamahihirap nating mamamayan na tutulungan natin?

REP. TEVES. Ganito lang iyan. With one ID, you can access one service. With another ID, you access another branch of government. Bakit hindi natin tulungan ang taumbayan, isang ID na lang, maa-access na nila lahat.

REP. BROSAS. Mme. Speaker, G. Isponsor, ang tanong ko po ay hindi ba nakasapat ang mga ID na iyon para matukoy natin ang mga pinakamahihirap sa ating bayan?

REP. TEVES. Again, it may be enough for that specific purpose, but again, this is for them to be able to access another type of service. Halimbawa, puwede

kang mag-access niyan, puwede ka bang bumoto, hindi ba? Bakit pa natin pahihirapan ang taumbayan sa maraming ID na puwede naman isa na lang.

REP. BROSAS. Yes. Paano po nakakatulong ang isang ID lamang para ma-identify o makatulong para sa mga mahihirap nating kababayan kung halimbawa sinasabi ninyo kanina na mayroon lamang ilang beses na puwedeng magpalit ng address? Iyon po ang tanong kanina, paano kung isang maralita na na-demolish ng apat na beses, mayroon tayong mga kasong ganoon, ibig po bang sabihin hindi na siya makaka-avail ng ID na ito?

REP. TEVES. Hindi naman ganoon. There is no limit in the change of address. Hindi ko alam saan ninyo nakuha iyon. Sinasabi ko lang na wala ngang bayad ang ID. Kapag nawala mo, babayaran mo ang pangalawang ID.

REP. BROSAS. Opo. Pangalawa po iyon sa nais kong itanong kasi kung nawala nga rin ang ID nila, ibig sabihin magbabayad sila.

Kung pinakamahirap po ang gusto nating tulongan, therefore, parang hindi rin natin sila natulungan noon kung babayaran nila ulit ang ID nila, at sa susunod na masunugan sila, alam naman natin ang mga kaso ng urban poor, kadalasan po nasusunog ang mga area nila, nade-demolish o di kaya binabaha. Ito ang mga kalagayan sa ating mga maralitang taga-lungsod. Kahit po sa mga rural areas, may mga problema tayo sa mga address ng mga tao. Napakapraktikal po ng tanong.

REP. TEVES. Mme. Speaker, kaya nga I really insisted on the use of biometrics. You know why, sana binasa nila ang Bill nang mabuti. Kahit wala kang ID, you can use your thumb. Technically, you do not even have to pay for the second ID if you lose your first ID, because your biometric data is enough and acceptable and as good as the physical ID.

REP. BROSAS. Sa totoo lang po, maraming mga ID ang iba nating mga kababayan. Hindi natin maintindihan kung bakit kailangan pa nating iembudo sa iisang ID, at kapag ito ang nawala ay delikado lalo para sa kanila dahil hindi sila mabibigyan ng mga necessary na serbisyo na sinasabi natin na makapagtataas ng kanilang ekonomiya at magpo-progress ng kanilang kalagayan.

REP. TEVES. Mme. Speaker, sana huwag natin paikutin na naman ang taumbayan. Sinasabi natin kung nawala ang ID, wala nang serbisyo. Puwede nga ang biometric lang maski wala ng ID. Ano bang mahirap intindihin doon? It is very simple. Without your ID, use your thumb print. Mas nagbibigay tayo ng serbisyo sa taumbayan dahil sa tingin ko, halos imposibleng mawala niya ang daliri niya.

REP. BROSAS. Sa totoo lang, Mme. Speaker, G. Sponsor, marami nang database ang gobyerno. Mayroon na ito mga nagawang labor force survey sa iba't ibang mga ahensiya. Kung nagagamit naman sa mga ahensiya, bakit po kailangan pa natin ng isang buong Filipino ID System? Ano ba ang kaibahan nito kung ang gagamitin natin o ang gagamitin ng mga pinakamahihirap sa atin ay direkta mismo doon sa mga ahensiya na iyon?

REP. TEVES. Again, ibalik ko, mas kumbinyente sa isang tao ang isang ID lang or ang daliri niya lang. Sa susunod, wala namang nagbago, ginawa lang nating isa ang database na redundant. Ibig po sabihin ng redundant, parehong pangalan nakalagay sa iba't ibang imbakan ng datos sa ating iba't ibang ahensiya ng ating gobyerno.

Again, for ease of transaction, para matulungan ang taumbayan kaya ginawa nating isa lang ang database. Sa totoo lang, ang nakikita ko iyong ayaw lang ma-identify ang aangal dito. But I think majority of the Filipinos would prefer this because again, it will be easier for anybody who has that single ID.

REP. BROSAS. Mme. Speaker, gusto ko lang sundan ang aking sinasabi kanina dahil ang sagot ng Sponsor ay hindi patungkol doon. Pero nais ko sanang itanong din kung bukod doon sa biometric data, mayroon pa bang mga karagdagang impormasyon na gustong ilagay dito sa national ID na ito?

REP. TEVES. Mme. Speaker.

REP. BROSAS. Halimbawa po ang family income o iba pang personal na impormasyon, at mayroon bang disenyo o metodolohiya na gagamitin dito sa pagsasagawa nito?

REP. TEVES. Mme. Speaker, kanina ko pa sinasabi, pabalik-balik, lahat ng impormasyon na kailangan nakasaad sa ating Bill at kung gusto talaga nating ipaabot sa taumbayan kung ano ang nakalaan dito, it is very easy to post this Bill on our websites, and our constituencies would readily be informed. Isa pa, lahat naman tayo dito may koneksyon sa ating constituency, madali nating ipaabot sa kanila ang mga kinakailangang datos na kailangan ng ating FillID.

REP. BROSAS. Mme. Speaker, distinguished Sponsor, hindi naman po nasagot ang tanong ko. Anyway, the essential services na kailangan, na pupuwede namang ma-avail sa iba't ibang ahensiya, tapos ilalagay natin ang buo-buong impormasyon natin sa iisang ID lamang, na may enough data para mag-create ng comprehensive profile of persons, ng mga tao, ng kanilang spending habits, ng kanilang mga

kaibigan, ng kanilang mga acquaintances, ng kanilang mga property at kanilang mga pagmamay-ari, para itong thrive of information. Napakadelikado po talaga na ito lamang; it is a violation of our privacy, ang individual right po natin.

Kaya po sinasabi natin na baka nga mas okay pa na may ID ka sa ganito o sa ganyang ahensya o sa ganoon, pero ang buo-buong impormasyon, na kapag nakuha at na-misuse ng any individual, any ahensya, any na gustong gumamit ng ganyan ay napakadelikado. Kaya hindi rin ito makakabuti, baka nga detrimental pa ito para sa mga mahihirap na gusto rin nating protektahan at pagandahin ang buhay. Hindi po ba, Mme. Speaker, distinguished Sponsor?

REP. TEVES. Mme. Speaker, again, sana lang huwag na naman nating paikutin ang taumbayan. Wala namang nakasaad sa ID na ito na isulat dito kung sino ang mga kaibigan mo. Again, sana ang pag-usapan natin dito ang katotohanan lang, huwag tayong magpasok ng impormasyon na hindi katotohanan, dahil sa ganoon, pinapaikot natin ang taumbayan.

Sana ma-point out ninyo kung saan dito sa Bill nakalagay na kailangan mo isulat ang mga kaibigan mo. Sa totoo lang, mas marami pang nalalagay na impormasyon sa social media accounts ng mga tao, doon nakalagay kung sino ang mga kaibigan mo.

Thank you, Mme. Speaker.

REP. BROSAS. Mme. Speaker, distinguished, nandiyan po ang lahat-lahat ng impormasyon sa inyo, at kapag nakuha ang kahit isa sa impormasyon ninyo, kahit nga ang mga impormasyon ng tatay, ng nanay, ng lahat ng involved sa inyo, ay nariyan. Nakalagay po dito sa panukalang batas.

Gusto ko lang po sabihin na sa isang constitutional law, Chapter V of the right to privacy, para siguro mas makatulong din sa atin, na the zones of privacy are recognized and protected in our laws. It further states:

Within these zones, any form of intrusion is impermissible unless excused by law and in accordance with customary legal process.

Narinig ko po kanina na kung walang court order, hindi naman ibibigay ang impormasyon, pero kapag hacking the system ang pag-uusapan, talaga naman walang garantiya ito.

The meticulous regard we accord to these zones arises not only from our conviction that the right to privacy is a constitutional right and the right most valued by civilized men, but also from our adherence to the Universal Declaration of Human Rights which mandates that, no one shall be subjected to arbitrary interference with his privacy and everyone has the right to the protection of the law against such interference or attacks.

Mme. Speaker, G. I sponsor, gusto ko lang sabihin na maaaring dapat tingnan, importante o mahalagang tingnan natin ang mga sinasabi sa atin ng Saligang Batas, at ipinapapaalala sa atin ng Universal Declaration of Human Rights na pahalagahan natin ang constitutional rights natin like the right to privacy, the right to life and liberty.

REP. TEVES. Mme. Speaker, tama po ang sinasabi tungkol sa Konstitusyon about human rights. Ang binanggit kanina na pangalan ng tatay, sa tingin ko sa lahat naman ng birth certificate ay nakalagay doon ang pangalan ng nanay at tatay. Hindi naman siguro kailangang itago ito sa taumbayan.

REP. BROSAS. Okay. Mme. Speaker, distinguished Sponsor, nais ko pong sabihin na nabanggit sa isang news story na maaaring gamitin ang National ID System para pataasin ang financial inclusion sa bansa. Ibig sabihin ba nito ay gagawing available ng gobyerno ang national ID database sa mga bangko? Anong ahensya po ang hahawak ng national ID database, ang DICT, tama po ba?

REP. TEVES. It is not accessible to banks. Sa totoo lang, ang bangko, hindi naman nangangailangan ng impormasyon mo kung hindi ikaw ang lalapit sa bangko at mangungutang ng pera. So, nasasaiyo na kung ibibigay mo sa kanila o hindi. Simple lang iyon, kung hindi mo ibigay sa kanila, hindi ka nila pauutangin. Hindi naman sila magpipilit na kunin ang data mo para umutang ka sa kanila. It does not work that way.

REP. BROSAS. Mme. Speaker, distinguished Sponsor, maaaring may mga transaksyon na mangangailangan ang bangko. Halimbawa po, kahit ang 4Ps natin, dumaraan sa LandBank. Ibig bang sabihin, kapag ginamit nila ito, buong-buong makukuha ng mga bangko ang kanilang mga impormasyon?

REP. TEVES. Again, ang paggamitan ng 4Ps ang impormasyon ng 4Ps. Kahit tanungin ko kayo, mayroon ba kayong botante or constituent na nakakakuha ng benepisyo ng 4Ps na wala siyang ibinibigay na datos sa kinukunan niya ng benepisyo? I do not think so, Mme. Speaker.

REP. BROSAS. Kaya po sinasabi natin ang pangamba natin na buong-buo na makukuha ng mga bangko ang mga impormasyon na ito. Buong-buo nila na pupuwede at maaaring gamitin sa kung saan nila gusto. Ngayon, nais ko ipunto na kung poorest of the poor ang target para sa social services, hindi ba ipinagkakait natin ang mga batayang serbisyo sa mas nakararami dahil may ilan lang na makikinabang dito?

Hindi ba dapat patas na natatamasa ang edukasyon, serbisyong pangkalusugan at iba pang serbisyo?

REP. TEVES. Alam mo, sa totoo lang, mayroon bang nag-aaral na walang identification, wala naman yata. Mayroon bang tinatanggap sa eskuwela na walang identification? I do not know what is the problem. When you say equality and reception of service, hindi ba hindi ka makakapag-aral kung wala kang identification? Paano ka tatawagin ng teacher mo kung wala kang pangalan?

REP. BROSAS. Mme. Speaker, hindi ko gustong papuntahin sa mga individual lamang na pangangailangan ang ating pinag-uusapan. Gusto po nating i-address ang buo dahil nagsimula tayo sa pagtatanong kaugnay doon kung paano ito makakatulong para iangat ang kalagayan ng pinakamahihirap sa ating bayan.

Sa tingin po ng Kinatawan na ito this will not cure the basic infirmities of social services. Ang kailangan po natin talaga ay minsan wala naman tayong pondo, tapos ang mga nagaganap na pribatisasyon sa edukasyon, sa kalusugan at iba pang serbisyo, ito talaga ang problema natin at hindi ang pagdadagdag ng isa pang ID, babayaran ng maralita kapag nawala niya, at kapag apat na beses na siyang mawalan ng lugar, hindi na siya makakakuha. Lalo pong made-disenfranchise ang kalakhan ng mga mamamayan natin.

Kung kaya, Mme. Speaker, distinguished Sponsor, naniniwala ang Representasyong ito na hindi sagot ang pag-isyu ng panibago na namang identification card para umano paunlarin ang social service delivery sa bansa. We assert that such measure will not cure the basic problems of social service delivery in the country: meager budget for direct social services, privatization of health care, housing, education, and other basic services, and patronage politics down to the local level. We believe that existing databases of personal information are sufficient for government programs to reach intended beneficiaries.

While it prohibits unlawful disclosure of personal information, the National ID System Bill pending in Congress—ito po iyon—does not have a penal provision for such. We expect that more data leaks similar or even worse in magnitude compared to the “Comeleak” breach of voters’ personal information at the expense of personal privacy. Nangangamba po kami, Mme. Speaker, Mr. Sponsor, na ang pagkokonsentra ng napakaraming sensitibong datos sa iisang identification card ay maglalagay sa mga mamamayang Pilipino sa mas bulnerableng position.

Lastly, Mme. Speaker, Mr. Sponsor, hindi magandang senyales ang pagkakaroon ng National ID System sa konteksto ng tumitinding State-sponsored killings, partikular sa mga kritiko ng gobyerno. At

a time when more and more military officers are occupying key government positions and extrajudicial killings persist, reviving the idea of a National ID System sends an ominous sign to Filipinos resisting fascist rule and defending civil liberties. We fear that the National ID System will be used to conduct intensified surveillance and carry out more bloody operations against activists and even drug addicts amid the Armed Forces of the Philippines’ all-out-war campaign and the war on drugs. It will facilitate the creation of a “Big Brother” State constantly spying on every move of its citizens.

Maraming salamat po, Mme. Speaker. Maraming salamat po, Mr. Sponsor.

REP. TEVES. Thank you.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Garin, S.). Thank you, Honorable Brosas.

The Floor Leader is recognized.

REP. ROA-PUNO. Mme. Speaker, I move that we recognize the Hon. Ariel “Ka Ayik” B. Casilao of the Party-List ANAKPAWIS for his interpellation.

I so move, Mme. Speaker.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Garin, S.). Honorable Casilao is recognized. Please proceed.

REP. CASILAO. Thank you, Mme. Speaker. Magandang gabi.

Will the distinguished Sponsor, yield to some questions?

REP. TEVES. By all means.

REP. CASILAO. Mme. Speaker, Mr. Sponsor, matanong ko lang po, ilang milyong ngayon ang walang birth certificate?

REP. TEVES. According to the data of our colleagues, seven million, according to his data.

REP. CASILAO. Galing po iyan sa PSA, am I correct?

REP. TEVES. Ewan ko, kasama ninyo kanina iyong nagbanggit niyan.

REP. CASILAO. Mme. Speaker, being the defender and the Sponsor of this Bill, I believe it is incumbent upon him to prepare such data. And I would like to know the specific and clear records from our competent agencies that laid down the need for registering and eventually for instituting a national ID? So, again, Mme. Speaker, may I know if the Gentleman, the Sponsor,

possesses a record, official, stating what percentage of our population today are without birth certificate?

REP. TEVES. Mme. Speaker, nakalagay, you can see in the Internet, it is 7.5 million, but sa totoo lang, hindi importante sa Bill na ito ang datos na iyan. Dahil sa totoo lang, kung wala kang birth certificate you can always go for late registration later in life kahit wala kang birth certificate. Kaya hindi na namin binigyan ng ganoong importansya iyon dahil kahit mayroong ganoon, hindi iyon magiging hadlang sa pagkakaroon ng national ID.

REP. CASILAO. Mme. Speaker, I asked that question basically as important predicate of my interpellation. Why? Maitanong natin, bakit ganoon kalaki ang bilang ng ating mga mamamayan ngayon na wala pang hawak na opisyal na record ng birth certificate and here we are deliberating a Bill—the National ID System Bill—that mandatorily requires, at the age of 18, to possess such ID when in fact, the basic solution of identifying our population possessing a basic document of his identification failed, with a number of 7.5 million without a clear record in our government agencies with regard to their birth certificates?

Now, Mme. Speaker, may I know from the distinguished Sponsor how much will it cost to institute such iris scan technology, biometric technology, printing of ID records or ID, the microchip to be used as a storage facility for the data, for information to be provided by the people, Mme. Speaker?

REP. TEVES. Ganito, we will put P2 billion a year for this, for three years for this project and for the kick-off. Sa totoo lang, mayroon na namang iyong database, mayroon na tayong nakaimbak na database, gagawin lang natin is hindi naman tayo mag-i-start from zero, na magbabago pa tayo ng database. Ginawa lang natin, iyong nakaimbak na database, gawin natin sa isang imbak.

REP. CASILAO. Precisely, my point, Mme. Speaker, the Sponsor himself stated repeatedly from the previous interpellators that we have data from the different agencies, SSS, PhilHealth, Housing, Pag-IBIG and, in fact, we have iyong sinasabi kanina ni Congressman Tinio, na we have the cedula, why does not the government produce a single ID out of it without requiring anymore additional information?

It seems, kung ang talagang gustuhin ng ating kagalang-galang na Sponsor ng panukalang batas na ito, mayroon na po tayong mga ID na iyan. In fact, Mme. Speaker, Mr. Sponsor, alam ninyo po ba na ang kasalukuyang ID ngayon ng SSS, PhilHealth, Pag-IBIG, mayroon na silang UMID, unified ID? Nagawa nila

iyon without requiring new information. Bakit hindi po magkaroon na? In fact, sinasabi kanina at paulit-ulit, tayo ngang mga botante nagpaparehistro tayo, the COMELEC requires biometrics and we voluntarily submit to that requirement. May ID, delayed nga lang.

Ngayon, I cannot understand, Mme. Speaker, it seems that the Bill that we are currently deliberating on, the government seems to establish a police state, cloaking and hiding under the excuse of convenience and redundancy.

Mme. Speaker, may I know from the distinguished Sponsor, alam po ba ng kagalang-galang na Sponsor, sa kasaysayan ng ating bansa, mayroon na pong ganitong batas na naipatupad? May I know if the distinguished Sponsor has the knowledge.

REP. TEVES. Marami na tayong ginawang batas before pero hindi siya naisabatas, hindi siya natuloy. And if I may answer the previous question kung bakit may additional na datos, we are doing that to improve the ID system, to improve the identification system.

REP. CASILAO. Precisely, Mme. Speaker, distinguished Sponsor.

Allow me to cite historical facts.

